

*MODULE 6.6*

CURRICULUM AND INSTRUCTION:  
ANG PAGTUTURO NG  
ARALING PANLIPUNAN

*Teacher Induction Program*

Teacher Education Council, Department of Education

**Lydia N. Agno, Ed. D.**

**Rosita D. Tadena, Ph. D.**

Writers

**Grace Estela C. Mateo, Ph. D.**

Reviewer

**Cecilia D. Alip, Ed. D**

Editor

***All rights reserved. This module may not be reproduced in any form without the permission of the Teacher Education Council, Department of Education.***

*TEACHER INDUCTION PROGRAM*

MODULE 6.6

*Curriculum and Instruction:*  
***ANG PAGTUTURO NG ARALING PANLIPUNAN***

## PAGBATI

Kumusta ka? Nais mo bang higit na mapagaling ang iyong kakayahan sa pagtuturo ng Araling Panlipunan (AP) sa mataas na paaralan o sa pagtuturo ng Heograpiya, Kasaysayan at Sibika (HKS) o kaya’y Sibika at Kultura (SK)? Kung gayon, ang modyul na ito na pinamagatang “*Pagtuturo ng Araling Panlipunan sa Batayang Edukasyon*” ang iyong magiging gabay sa pagkamit ng iyong adhika. Ang mga piling araling napapaloob sa modyul ay hango sa *syllabus* ng dalawang kurso sa Edukasyong Araling Panlipunan (*Social Studies Education*) sa lebel na gradwado sa Kolehiyo ng Edukasyon sa Unibersidad ng Pilipinas. Lohikal ang paglalahad ng mga aralin kayat sa masusing pagsunod mo sa instruksyon malilinang ang iyong kakayahan sa pag-aaral at pagtuturo ng SK/HKS/AP.

Hangad ng modyul na ito na mapayaman ang iyong kaalaman, kakayahan at kasanayan sa pagtuturo ng Araling Panlipunan. Unang natalakay sa modyul na ito ang pagpapagaling sa pagtuturo ng Araling Panlipunan sa pamamagitan ng paggamit ng mga prosesong interaktibo at kolaboratibo at integratibo at tematiko.

## Modyul 6.6: Ang Pagtuturo ng Araling Panlipunan

**Deskripsyon:** Tinatalakay sa **Modyul 6.6** ang pundasyon sa pag-aaral at pagtuturo ng Araling Panlipunan na mahalaga sa pagpapalano ng instruksyong ginagamitan ng mga modelong estratehiya sa pagtuturo.

### I. Introduksyon

Nangunguna sa mga komponente ng Makabayan ang **Araling Panlipunan (AP)** sa mataas na paaralan, gayundin ang Sibika at Kultura (SK) 1-3, at Heograpiya, Kasaysayan at Sibika (HKS) 4-6 sa mababang paaralan. Karaniwang ginagamit ang mga ito bilang *core* sa pagpapalano ng instruksyon sa Makabayan. Paano'y malawak ang saklaw ng Araling Panlipunan (AP). Mayaman sa nilalaman ng instruksyon ang Araling Panlipunan pagkat humahango ito ng mga paksang-aralin, konsepto at tema mula sa mga disiplina ng agham panlipunan (*social sciences*), natural na agham (*natural sciences*), humanidades (*humanities*) at sa iba pang mga nauugnay na sangay ng kaalaman. Bukod sa mayamang nilalaman ng instruksyon, gumagamit din ang Araling Panlipunan ng iba-ibang lapit (*approaches*) na nagbibigay buhay at kulay sa talakayan ng mga aralin sa silid-aralan. Bukod dito, may mga pamamaraan sa pagtataya (*assessment*) na susi sa epektibong instruksyon. Lahat ng mga ito ay alay sa mga gurong kalahok sa *Induction Program* sa pagtuturo ng Araling Panlipunan. Alay rin ito sa mga guro ng Araling Panlipunan na nais makilahok sa *continuing education* na ibinabahagi ng **Modyul 6.6: Pagtuturo ng Araling Panlipunan sa Batayang Edukasyon**.

### II. Mga Layunin

**A. Panlahat:** Mapayayaman ang kaalaman, kakayahan at kasanayan ng mga gurong kalahok sa *Induction Program* sa pagtuturo ng Araling Panlipunan sa batayang edukasyon sa pamamagitan ng pag-aaral at pagtalakay sa mga aralin tungkol sa—

1. Edukasyong Araling Panlipunan (*Social Studies Education*);

2. mga nilalaman ng instruksyong hango sa Agham Panlipunan (*Social Sciences*);
3. paggamit ng mga modelong estratehiya sa pagtuturo at *graphic organizers* sa pagpapalano ng instruksyon; at
4. pagsulat ng yunit tematiko na ginagamitan ng mga prosesong kolaboratibo, integratibo at interaktibo.

### **III. Balangkas ng Aralin**

#### **A. Ang Edukasyong Araling Panlipunan**

1. Pundasyong Historikal ng Araling Panlipunan
2. Mga Depinisyon ng Araling Panlipunan
3. Mga Layunin ng Sibika at Kultura/Heograpiya, Kasaysayan at Sibika/Araling Panlipunan

#### **B. Pagpapalano ng Instruksyon sa Araling Panlipunan**

1. Pagsulat ng mga Layuning Instruksiyunal
2. Pag-oorganisa ng Nilalaman ng Instruksyon
3. Mga Modelong Estratehiya sa Pagtuturo
4. Mga Graphic Organizers

#### **C. Mga Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan**

1. Banghay-Aralin Para sa Heograpiya, Kasaysayan at Sibika (HKS-4)
2. Banghay-Aralin Para sa Araling Panlipunan II

#### **D. Ang Araling Panlipunan bilang Core ng Makabayan**

1. Modelong Banghay-Aralin sa Makabayan na Ginagamitan ng mga Prosesong Integratibo at Interaktibo
2. Praktikum sa Pagtuturo

## E. *Assessment* sa Araling Panlipunan

1. Mga Layunin ng Pagtatasa
2. Mga Prinsipyo ng Pagtatasa
3. Mga Paraan ng Pagtatasa

## IV. EBALWASYON PARA SA MODYUL

Dalawang bahagi ang ebalwasyon sa **Modyul 6.6: Pagtuturo ng Araling Panlipunan sa Batayang Edukasyon**. Una ay ang pundasyon sa pagtuturo ng Araling Panlipunan; ikalawa ay ang praktikum sa pagpapalano ng instruksyon. Narito ang pagkakasunud-sunod sa isasagawang ebalwasyon para sa modyul:

*Preassessment*

*Postassessment*

*Preassessment* = 20 puntos  
Banghay Aralin = 50 puntos  
70 puntos

*Postassessment* = 20 puntos  
Banghay Aralin = 50 puntos  
70 puntos

*Self-Check Questions (SCQ)*  
*Activities (Gawain) Aralin1-4*

Aralin 1 = 20 puntos  
Aralin 2 = 38 puntos  
Aralin 3 = 26 puntos  
Aralin 4 = 30 puntos  
Aralin 5 = 69 puntos  
Kabuuang = 183 puntos

## GABAY SA PAGGAMIT NG MODYUL

1. Basahin ang **introduksyon** at ang mga **layunin** para sa pag-aaral ng Modyul 6.6 sa pahina ii at iii. Sa ganitong paraan, malalaman mo ang nilalaman ng instruksyon ng modyul.
2. Basahin ang balangkas (*content outline*) ng modyul sa mga pahina iii at iv. Makikita rito ang pagkakalahad ng mga araling nakapaloob mula sa **Aralin 1** hanggang sa **Aralin 5** ng modyul.
3. Bago simulan ang pag-aaral sa pamamagitan ng paggamit ng Modyul 6.6, sagutin muna ang *Preassessment* sa pahina 1. Sa pagkakataong ito, matataya ang katapatan mo sa iyong sarili. Paano'y ikaw mismo ang magwawasto (*check*) ng iyong *pretest*. Matatagpuan ang sagot sa pahina 2. Isulat ang sagot sa sagutang papel.
4. Nabubuo ang Modyul 6.6 ng limang aralin. Magtakda ng sariling panahon sa pag-aaral/pagtalakay sa mga aralin. Pagsunud-sunurin ang pag-aaral ng mga ito. Sa ganitong paraan, makikita mo ang katuturan, kagalingan at kahalagahan ng pag-aaral ng Araling Panlipunan.
5. Narito ang panuntunan sa pag-aaral ng bawat aralin:

Basahin ang **introduksyon** ng bawat aralin, gayundin ang mga **layunin** nito.

Sa ganitong paraan, malalaman mo ang inaasahang kalalabasan ng instruksyon.

Basahin ang mga Babasahin (*Readings*) na napapaloob sa aralin. Pagkatapos ay sagutin ang mga tanong o kaya'y gawin ang mga gawaing

inihanda para sa iyo sa pagtatapos ng aralin. Ganito ang gawin sa **Aralin 1**.

Masusing pag-aralan ang **Aralin 2: Pagpaplano ng Instruksyon sa Araling Panlipunan**. Basahin din ang **introduksyon** at mga **layunin** nito. Sa **Aralin 2** natatalakay ang mga komponente sa pagpaplano ng instruksyon: (1) **mga layunin**; (2) **nilalaman**; (3) **estrategiya**; at (4) **pagtataya**. Para higit na mapagaling ang instruksyon, pag-aralang



mabuti kung paano epektibong magagamit ang mga modelong estratehiya sa pagtuturo; ang mga instruksyunal na teknik na gagamitin sa paglalahad ng mga aralin; at ang mga *graphic organizers* na magbibigay linaw sa mga datos, konsepto at paglalahat tungkol sa aralin.

Pag-aralan ding mabuti ang dalawang banghay-aralin sa **Aralin 3: Una** ay ang banghay-aralin para sa HKS-4 na ginagamitan ng *Concept Development Model*. **Ikalawa** ay ang banghay-aralin para sa AP-II na ginagamitan ng modelong pagsusuring panlipunan (*social analysis model*). Suriin ang pagkakasunud-sunod ng mga hakbang sa pagtuturo ng bawat banghay-aralin.

Sumulat ng isang banghay-aralin para sa HKS/AP na ginagamitan ng alinman sa mga modelo, instruksyunal na teknik at *graphic organizers*.

Pag-aralan ang daloy ng pagproseso ng instruksyon sa **Aralin 4: Ang Araling Panlipunan Bilang Core ng Makabayan**. Basahin din ang introduksyon at mga layunin nito. Alamin ang mga komponente ng Makabayan; ang pagtukoy ng tema na magagamit sa pagtuturong tematiko (*thematic teaching*); at ang paggamit ng *core* na saklaw ng aralin. Gayundin ang pagbagtas na nauugnay sa mga komponente ng Makabayan.

Pag-aralan ang pagproseso ng modelong yunit tematiko (*thematic teaching unit*) at kung paano naisasagawa ang integrasyon ng aralin sa paggamit ng *ACES Teaching Approach*.

Magbigay ng pakitang-turo sa Araling Panlipunan sa iyong paaralan. Gamitin ang banghay-aralin na inihanda mo bilang gawaing atas sa iyo ng Modyul 6.6. Gamitin ang instrumento sa ebalwasyon/obserbasyon sa pakitang-turo.

Pag-aralan ang mga layunin, prinsipyo at paraan ng pagtatasa o *assessment* sa **Aralin 5: Assessment sa Araling Panlipunan**.

6. Sa pagtatapos, sagutin ang pagsusulit na inihanda para sa iyo. Ito ang *Postassessment* na ibibigay sa iyo ng iyong *facilitator*.

## PORTFOLIO ASSESSMENT

Bilang bunga ng instruksyon sa Araling Panlipunan sa pamamagitan ng paggamit ng Modyul 6.6, inaasahang ikaw ay makapaghahanda ng *portfolio* na maglalarawan ng daloy ng isinagawang pag-aaral. Kung gayon, maaaring itanong mo, ano ba ang *portfolio*? Anu-ano ang dapat ipaloob sa *portfolio*? Ano ang ginagamit na instrumento para sa pagtaya o ebalwasyon sa *portfolio*? Bueno, narito ang mga sagot:

Ang *portfolio* ay-

- koleksyon ng mga bagay na gawa ng mga mag-aaral para sa isang yunit ng aralin; para sa isang markahan; o kaya’y para sa isang kurso; para sa marami o iisang sangay ng kaalaman; at
- ebidensya ng pagsulong at pag-unlad ng mag-aaral sa isang takdang panahon.

Sa pagtatapos ng Modyul 6.6 isasabmit mo ang nabuong *portfolio* para sa pag-aaral at pagtuturo ng Araling Panlipunan. Mahalaga ang *portfolio* sapagkat-

- ipinakikita nito ang kahalagahan ng isinasagawang gawaing instruksiyunal;
- ipinamumukha ang kagalingan at kahinaan ng isinagawang gawain ng mag-aaral; at
- inilalahad ang debelopment sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Nais mo bang malaman kung anu-ano ang maaaring ipasok sa loob ng *portfolio*?  
Narito ang ilang halimbawa ng mga gawing maisasama sa *portfolio*:

- takdang aralin
- *worksheets*
- gawain (*activities*)
- larawan
- proyekto
- *journal*
- *logs*
- *artwork*
- ulat/report
- *graphic organizers*

Sa modyul na ito, isa sa mga basehan sa pagtataya sa pagsasanay ang *portfolio*. Sa pagtaya sa kurso, gagamit ang bagong guro ng *scoring rubrics*. Ang paggawa ng *scoring rubrics* ay tinalakay sa **Aralin 5: Assessment sa Araling Panlipunan**.

# TABLE OF CONTENTS

<b>Aralin 1 Ang Edukasyong Araling Panlipunan</b>	<b>7</b>
▪ Introduksyon	7
▪ Mga Layunin	7
▪ Pundasyong Historikal ng Araling Panlipunan	8
▪ Mga Depinisyon ng Araling Panlipunan	9
▪ Mga Layunin ng Sibika at Kultura (SK), Heograpiya, Kasaysayan at Sibika (HKS) at Araling Panlipunan (AP)	10
<b>Aralin 2 Pagpapalano ng Instruksyon sa Araling Panlipunan</b>	<b>16</b>
▪ Introduksyon	16
▪ Mga Layunin	16
▪ Pagpapalano ng Instruksyon	17
▪ Pagsulat ng mga Layuning Instruksyunal	17
▪ Pag-oorganisa ng Nilalaman ng Instruksyon	21
▪ Mga Modelong Estratehiya sa Pagtuturo	22
▪ Mga <i>Graphic Organizers</i>	26
<b>Aralin 3: Mga Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan</b>	<b>35</b>
▪ Introduksyon	35
▪ Mga Layunin	35
▪ Modelong Banghay-Aralin na Ginagamitan ng Concept Development Model Para sa HKS sa Mababang Paaralan	36

▪ Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan na Ginagamitan ng Modelong Pagsusuring Panlipunan	44
<b>Aralin 4: Ang Araling Panlipunan, Bilang Core ng Makabayan</b>	71
▪ Introduksyon	71
▪ Mga Layunin	71
▪ Modelong Yunit Tematiko Para sa Makabayan I*	
Tema: Ang Pambansang Teritoryo ng Pilipinas	
Integrado ang AP, TLE, EP, Musika at Sining	
(Apat na Araw) Unang Taon	72
<b>Aralin 5: <i>Assessment</i> sa Araling Panlipunan</b>	103
▪ Introduksyon	103
▪ Mga Layunin	104
▪ Mga Layunin ng Pagtatasa	104
▪ Mga Prinsipyo ng Pagtatasa	105
▪ Mga Paraan ng Pagtatasa	109
▪ Pormal na Pagtatasa	114

# PANIMULANG PAGSUSULIT

*Nakita mo na ang kabuuang saklaw ng aralin ng **Modyul 5**. Ngayon naman ay gawin mo ang dalawang mahalagang gawain - ang pagsagot sa pretest. Handa ka na ba?*

- I. **Direksyon:** Piliin ang titik ng wastong sagot. Isulat ito sa guhit bago ang bilang.
1. Unang nalikha ang Araling Panlipunan bilang asignatura sa batayang edukasyon sa
    - A. Espanya
    - B. Estados Unidos
    - C. Britanya
    - D. Canada
  
  2. Nalikha ang Araling Panlipunan bilang asignatura sa batayang edukasyon para madebelop sa mga mag-aaral ang
    - A. pagtutulongan
    - B. pagkakaisa
    - C. pagkakaibigan
    - D. pagkamamamaya
  
  3. Ang Araling Panlipunan ay:
    - A. pag-aaral ng tao bilang taong sosyal.
    - B. ang agham panlipunan na pinagaan para sa gawaing pedagohikal.
    - C. bahagi ng kurikulum na nauukol sa pamumuhay ng tao.
    - D. lahat ng mga naturan

4. Sa pamamagitan ng magaling at epektibong pagtuturo ng Araling Panlipunan nadedebelop sa mga mag-aaral ang kagalingang sibika at
  - A. kagalingang pangkatawan
  - B. pang-unawang panlipunan
  - C. kasanayang manaliksik
  - D. Kasanayan sa pag-iisip
  
5. Sa gawaing pedagohikal mandato isaalang-alang ng guro sa pagpapalano ng instruksyon ang
  - A. kaalaman
  - B. kasanayan
  - C. Kahalagahan
  - D. Lahat ng nabanggit
  
6. Ang mga sumusunod ay magagamit sa pagsulat ng mga layuning kognitibo (*cognitive*) maliban sa
  - A. pagsusuri
  - B. pagpapakahulugan
  - C. paglalarawan
  - D. pagbubuo
  
7. Ang paglilista, pagsulat, pananahi, at pagluluto ay nakatutulong sa indibidwal sa pagdebelop ng
  - A. saloobin
  - B. pagpapahalaga
  - C. Kaalaman
  - D. kasanayan

8. Ang katarungan, pagkakapantay-pantay, kalayaan, pinagkukunang-yaman, at karapatan ay mga halimbawa ng
- A. tema
  - B. konsepto
  - C. Paglalahat
  - D. teorya
9. Ang mga layunin na nakatuon sa paggalaw at paglikha ay mga layuning
- A. kognitibo
  - B. apektibo
  - C. saykomotor
  - D. pangkaisipan
10. Ang kaalamang substantibo tungkol sa mga abstrak na salita o pariralang nagagamit sa pagkakategorya ng mga grupo ng bagay, ideya o pangyayari ay ang
- A. salita
  - B. katotohanan
  - C. konsepto
  - D. paglalahat
11. Alin sa mga sumusunod na estratehiya sa pagtuturo ang gumagamit ng hipotesis/haka sa pagproseso sa isasagawang imbestigasyon?
- A. *Valuing model*
  - B. *Inquiry model*
  - C. *Decision-making model*
  - D. *Social analysis model*



12. Anong *graphic organizer* ang pinakamagaling gamitin sa paghahambing ng dalawang bagay, lugar o pangyayari?
- A. *Cluster map*
  - B. *Semantic web*
  - C. *Concept map*
  - D. *Venn Diagram*
13. Alin ang isa sa mga pangkalahatang layunin ng pagtatasa?
- A. Paggawa ng awtentikong gawain
  - B. Pagpapahusay ng instruksyon
  - C. Pagpaplanong instruksyunal
  - D. Pagtitipon ng mga palatandaan ng pagkatuto
14. Ang Makabayan ay epektibong maituturo sa batayang edukasyon sa pamamagitan ng paggamit ng pamamaraang
- A. deduktibo
  - B. induktibo
  - C. tematiko
  - D. pasiyasat
15. Aling pahayag ang naglalarawan sa *portfolio*?
- A. Koleksyon ng mga produkto ng mga estudyante na nagsisilbing ebidensya ng pagkatuto
  - B. Krayterya sa paggawa ng *scoring rubric*
  - C. Pagbibigay ng impormasyon tungkol sa kaalaman, kasanayan at kakayahan sa paggamit ng mga prosesong pangkaisipan
  - D. Pagtatasa sa lebel na paglalapat, pagsusuri, paglalagom at ebalwasyon

16. Ang larawang biswal na kaalamang magagamit sa pag-oorganisa ng mga konsepto at kaugnay na sub-konsepto ay ang

- A. *learning continuum*
- B. *graphic organizer*
- C. *instruksyunal teknik*
- D. estratehiya

17. Ang pangunahing katangian ng inobasyong kurikular ng *Basic Education Curriculum* (BEC) ay

- A. kooperasyon
- B. integrasyon
- C. kolaborasyon
- D. elaborasyon

18. Layunin ng **Sibika at Kultura** na matulungan ang mga mag-aaral na-

- A. maisaloob ang pagiging mabuting Pilipino at ang pagiging matapat sa bansa.
- B. mabasa ang mga materyales sa pagpapalano ng paaralan.
- C. mapag-ugnay ang mga konsepto na hango sa kurikulum ng asignatura.
- D. maisaayos ang nilalaman ng mga aralin sa bawat baitang.

19. Pangunahing layunin ng **Araling Panlipunan** na matulungan ang mga mag-aaral sa:

- A. pagsasaayos ng mga babasahin sa agham panlipunan.
- B. pagtalakay ng mga aralin sa agham.
- C. pagsasagawa ng mga gawain sa tahanan.
- D. pagpapamalas ng damdaming makabansa bilang mga mamamayang Pilipino at mamamayan ng daigdig

20. Layunin ng pagtuturo ng **Makabayan** ang pagsasagawa ng gawaing

- A. integratibo
- B. interaktibo
- C. apektibo
- D. kolaboratibo

II. Sumulat ng isang banghay-aralin para sa alinman sa mga sumusunod:

1. Sibika at Kultura
2. Heograpiya, Kasaysayan at Sibika
3. Araling Panlipunan

(50 puntos)


# ARALIN 1

## *ANG EDUKASYONG ARALING PANLIPUNAN*

### INTRODUKSYON

*Congratulations! Welcome sa Induction Program* para sa mga bagong guro ng Araling Panlipunan, Sibika at Kultura (SK) at Heograpiya, Kasaysayan at Sibika (HKS). *Major mo ba ang Araling Panlipunan o ang alinman sa mga disiplina ng Agham Panlipunan (Social Sciences)? Kung major mo, magaling! May pundasyon ka na sa pagtuturo ng Araling Panlipunan. Kung hindi naman, huwag kang mag-ala-ala. Hayaan mo't tuturuan ka ng modyul na ito. Mapag-aaralan mo sa **Aralin 1** ang kahulugan at katuturan ng Araling Panlipunan, gayundin ang mga layunin nito sa mataas at mababang paaralan.*

Ano, handa ka na ba? Kung handa ka na, simulan mo nang basahin ang sumusunod na mga layunin para sa **Aralin 1: Ang Edukasyong Araling Panlipunan.**



### MGA LAYUNIN

Sa pagtalakay mo ng mga babasahin sa **Aralin 1** ay:

1. maisasalaysay mo ang kasaysayan sa pagkalikha ng Araling Panlipunan bilang asignatura sa batayang edukasyon;
2. maipaliliwanag mo ang kahulugan, katuturan at kahalagahan ng Araling Panlipunan sa paghahanda sa mga mag-aaral sa mundo ng paggawa at sa iba pang mga gawain sa pang-araw-araw na pamumuhay; at

3. magagamit mong gabay sa pagpapalano ng instruksyon ang mga layunin ng Araling Panlipunan sa mababa at mataas na paaralan.

*Alam mo ba na may mga babasahin akong inihanda para sa iyo? Basahin mong isa-isa. Alamin ang nilalaman ng bawat babasahin. Kung handa ka na, simulan mo na ang pagbasa sa babasahin.*



## BABASAHIN

### ANG EDUKASYONG ARALING PANLIPUNAN

#### A. Pundasyong Historikal ng Araling Panlipunan

Sa Estados Unidos unang nalikha ang Araling Panlipunan bilang asignatura sa batayang edukasyon. Sa pasimula tinawag ito sa iba-ibang pangalan sa mga paaralan. Sa panahong kolonyal nakatuon ang edukasyong primarya sa Estados Unidos sa pagtuturo ng relihiyon at moralidad. Subalit pagkatapos ng Digmaang Rebolusyonaryo sa Estados Unidos nagkaroon ng pagmimithing maisalooob at maisaisip ng mga mag-aaral ang pagmamahal sa bansa gayundin ang pagkakaroon ng malawak na kaalaman sa bagong nasyon. Dahil dito, sinimulan na sa mga paaralan ang pagtuturo ng **kasaysayan** at **heograpiya**. Ganito ang naging kalakaran sa pagtuturo sa mga paaralan sa Estados Unidos sa mahabang panahon. Nagkaroon ng Digmaang Sibil sa bansa at sa pagtatapos nito nagtatag ang pamahalaan ng mga libreng paaralang elementarya para muling mapagkaisa ang mga mamamayan. Sa panahong ito idinagdag ang pagtuturo ng sibika (*civics*) sa pag-aaral ng kasaysayan at heograpiya.

Noong 1916 lumikha ang *National Education Academy (NEA)* ng isang lupong susuri sa kurikulum ng mga paaralan. Ito ang lupong naatasang suriin kung natutugunan ng kurikulum sa mga paaralang primarya na napamamayanihan ng kasaysayan at heograpiya ang hamon sa paglinang ng pagkamamamayan (*citizenship*) sa mga mag-aaral. Napag-alaman sa isinagawang pananaliksik ng lupon na ang natutugunan lamang ay ang paghahanda sa mga mag-aaral sa kanilang pagpasok sa mga kolehiyo at unibersidad at sa pagkakaroon ng kasanayan

sa replektibong pag-iisip (*reflective thinking*). Para higit na matamo (*attain*) ang pangunahing hangarin tungo sa pagkamamayan ng mga mag-aaral iminungkahi ng lupon na likhain ang *Araling Panlipunan* bilang asignatura sa batayang edukasyon. Bunga ng naturang pag-aaral nagkaroon ng gradwal na rebisyon ang kurikulum hanggang sa nalikha ang *Araling Panlipunan*, ang asignatura kung saan ang mga aralin ay nakapokus sa mga isyu, pangyayari at suliraning may kaugnayan sa mga totoong sitwasyong nagaganap sa pamumuhay ng tao sa ibabaw ng mundo.

## B. Mga Depinisyon ng Araling Panlipunan

Maganda ang kasaysayan ng Araling Panlipunan, di ba? Pero alam mo ba ang kahulugan ng Araling Panlipunan bilang asignatura sa batayang edukasyon? Kung hindi pa, huwag kang mag-alala. Ipaliliwanag sa iyo ng **Aralin 1** ang kahulugan at katuturan ng Araling Panlipunan. Narito ang mga depinisyong bunga ng masusing pag-aaral ng mga pangunahing edukador sa asignatura.

1. Ang **Araling Panlipunan** ay ang agham panlipunan (*social sciences*) na pinagaan para sa gawaing pedagogikal (*pedagogical*) (Wesley, 1951).
2. Ang **Araling Panlipunan** ay bahagi ng kurikulum na nauukol sa pamamaraan ng pamumuhay ng tao at ng kanyang kapwa sa panahong nagdaan, kasalukuyan at hinaharap (Lewenstern, 1981).
3. Ang **Araling Panlipunan** ay ang pag-aaral ng mga tao sa kanilang pag-uugnayan sa isa't isa sa mundo at sa prosesong kanilang ginagamit sa paglahok sa mga gawain, pakikipag-uugnayan at talakayan (Schunks, 1981).
4. Ang **Araling Panlipunan** ay ang asignatura na ang layunin ay nakatuon sa global na pagkamamamayan; hinahango ang mga aralin mula sa agham panlipunan, humanidades at natural na agham; at itinuturo sa pamamaraang naglalahad ng personal, sosyal at kultural na karanasan at yugto-yugtong kakayahan ng mga mag-aaral (Savage and Armstrong, 1981).
5. Ang **Araling Panlipunan** ay ang pag-aaral ng tao bilang taong sosyal (*social being*) sa kanyang pamumuhay at pakikipag-interaksyon sa kapwa at sa kanyang kapaligiran sa isang panahon at lugar (Marsh, 1981).

6. Ang **Araling Panlipunan** ay ang integradong pag-aaral ng mga piling araling hinango sa agham panlipunan (*social sciences*) at humanidades (*humanities*) para sa ikagagaling ng kakayahang sibika (*civic competencies*) ng mga mag-aaral (*National Council for the Social Studies, 1993*).

Lahat ng mga nabanggit na depinisyon ng Araling Panlipunan ay tumutugon sa “*vision statement*” ng *National Council for the Social Studies* noong 1995. Ipinahayag ito sa dalawang pangunahing hangarin (*goals*). **Una** ay ang pang-unawang panlipunan (*social understanding*); at ang **ikalawa** ay ang kagalingang sibika (*civic efficiency*). Ganito ang nasasaad sa *vision statement*:

*“Powerful social studies teaching helps develop social understanding and civic efficiency.”*

Kayat masasabing ang pang-unawang panlipunan ay nauukol sa kaalaman sa daigdig ng tao; ang kagalingang sibika naman ay tungkol sa kahandaan at kagustuhan sa pagsasagawa ng mga tungkulin sa pagkamamamayan. Di ba’t sa simula pa, ang pangunahing hangarin ng Araling Panlipunan ay ang pagiging mabuting mamamayan ng mga mag-aaral?

### **C. Mga Layunin ng Sibika at Kultura (SK), Heograpiya, Kasaysayan at Sibika (HKS) at Araling Panlipunan (AP)**

Sa mahabang panahon nanatiling *core* na asignatura sa batayang edukasyon sa Pilipinas ang Araling Panlipunan. Subalit sa repormang edukasyon na ipinatupad noong 2002 ng Departamento ng Edukasyon (DepEd), napabilang ang Araling Panlipunan sa mataas na paaralan at ang Heograpiya, Kasaysayan at Sibika/Sibika at Kultura sa mababang paaralan bilang isang komponente ng **Makabayan**.

#### **Sa Mababang Paaralan**

Layunin ng Sibika at Kultura (SK) at Heograpiya, Kasaysayan at Sibika (HKS) sa mababang paaralan ang matulungan ang mga mag-aaral -

1. na maisaloob ang pagiging mabuting Pilipino at ang pagiging matapat sa pamahalaan at sa ating bansa;
2. sa pagkakaroon ng kamalayan sa kanilang mga tungkulin, karapatan at pribilehiyo bilang mga mamamayan ng bansa at ng mundo;
3. sa pag-aaral ng mga gawaing pagpapahalagang moral at ispiritwal sa lipunan nilang ginagalawan at sa mga aralin tungkol sa mga pamamaraang kultural ng ating mga ninuno;
4. sa pag-aaral ng ebolusyon ng lipunan ng tao kung saan ang indibidwal ang sentral na pigura (*figure*) sa prosesong ebolusyon;
5. sa pag-aaral kung paanong ang mga tao, ideya, at pangyayari sa nakaraang panahon ay nakatutulong sa paghubog sa kasalukuyan at kung paano isinasabay ng tao ang mga naturan para sa hinaharap;
6. sa paglinang ng kanilang potensyal para epektibong makapamuhay sa kapaligirang pisikal, sosyal, ekonomik at pulitikal;
7. sa pagsuri ng mga datos sa lohikal na pamamaraang ginagamit ang pinakamagaling na impormasyon bago magsagawa o magbigay ng konklusyon;
8. sa paggamit ng mga kaalaman, kasanayan at kakayahan sa paghanap ng kalutasan sa mga suliranin;
9. sa pagmamalas ng mga kanais-nais na pag-uugnayan ng mga mamamayan sa pamamagitan ng katapatan sa mga kaisipang pantao at sa pakikipag-interaksyon sa pamilya, pamayanan at sa malawak na kapaligiran; at
10. na malinang ang pag-aasahang sosyal, ekonomik, pulitikal at kultural ng mga tao hindi lamang sa ating bansa kundi gayundin sa iba pang panig ng daigdig.

### **Sa Mataas na Paaralan**

Malinaw na ba sa iyo ngayon ang mga layunin ng Sibika at Kultura at Heograpiya, Kasaysayan at Sibika sa mababang paaralan? Malawak ang saklaw na aralin ng mga ito, di ba? Layunin naman ng Araling Panlipunan (AP) sa mataas na paaralan na matulungan ang mga mag-aaral -



1. na maunawaan ang mga pangunahing kaisipan at pamamaraan sa kasaysayan, heograpiya, at ekonomiks at sa iba pang disiplina ng agham panlipunan, natural na agham at humanidades;
2. na malinang, maitangi at mapangalagaan ang mga kanaisnais na pagpapahalaga at kaugalian ng mga Pilipino;
3. sa pagpapahalaga at paggalang sa mga kaugalian ng mga mamamayan sa iba't ibang panig ng daigdig;
4. na matanggap at magampanan ang mga pananagutan bilang kaanib ng pamilya at mamamayan ng bansa, rehiyon at mundo;
5. sa paglahok sa mga gawain sa paghanap ng solusyon sa mga suliraning pampamilya, pambansa, panrehiyon at pandaigdig;
6. sa pagpapamalas ng makatwiran at bukas na kaisipan sa pagpapasya sa mahahalagang isyu at mga suliranin;
7. sa pagpapakita ng tunay na diwa ng pagpapahalaga sa sariling kahalagahan, sariling pagkatao, karapatang pantao, at dangal ng tao; at
8. sa pagpapamalas ng damdaming makabansa bilang mamamayang Pilipino at mamamayan ng daigdig.

Ang mga naturang layunin sa mababa at mataas na paaralan ang gagabay sa bawat guro ng Sibika at Kultura (SK); Heograpiya, Kasaysayan at Sibika (HKS); at Araling Panlipunan (AP) sa kanilang pagpapalano ng instruksyon sa batayang edukasyon.

### **Pagbubuod**

1. Makasaysayan ang pagkalikha sa Araling Panlipunan bilang asignatura sa batayang edukasyon.
2. Mahalagang papel ang ginampanan ng Araling Panlipunan sa loob ng mahabang panahon sa paghubog ng mabubuting mamamayan.
3. Iba-iba ang mga depinisyon ng Araling Panlipunan ayon sa mga edukador datapwat sila ay nagkakaisang mayaman ang mga aralin sa Araling

Panlipunan; na ang mga aralin nito ay nakatuon sa tao at sa kanyang kapaligiran; at sa lahat ng panahon ay naghahangad na malinang ang pang-unawang panlipunan at kagalingang sibika na susi sa pagiging mabuting mamamayan ng mga mag-aaral.

*Ganyan kagaling ang Araling Panlipunan! Kung nasiyahan ka sa iyong pag-aaral, mabuti! May ipagagawa na naman ako sa iyo ngayon. Simulan mo nang gawin ang sumusunod na mga gawain:*



### SCQ 1.1

**Direksyon:** Sagutin ang mga tanong sa ibaba.:

1. Saang bansa unang nalikha ang Araling Panlipunan? (1 punto)
2. Anong asignatura ang nalikha ng National Education Academy sa Estados Unidos noong 1916 para matugunan ang pangunahing pangangailangan sa paglinang ng pagkamamamayan? (1 punto)
3. Ano ang depinisyon ng Araling Panlipunan na naglalarawan ng malawak nitong saklaw na pinaghahanguan ng mga araling nagpapayaman sa nilalaman ng asignatura? (3 puntos)



## GAWAIN 1.1

### Tukuyin natin

**Direksyon** Sagutin ang mga tanong sa ibaba. Isulat ang sagot sa ibaba sa wikang Ingles.

*“Powerful social studies teaching helps develop social understanding and civic efficiency.”*

1. Ano ang kahulugan sa Ingles ng pang-unawang panlipunan? (1 punto)
2. Ano ang kagalingang sibika sa Ingles? (1 punto)
3. Ano ang organisasyon sa Araling Panlipunan sa Estados Unidos na namamahala sa paghubog sa kurikulum ng asignatura? (1 punto)



## GAWAIN 1.2

### Paglalapat

**Direksyon:** Sumulat ng mga pagkalahatang layunin para sa mga sumusunod:

1. Sibika at Kultura (2)
2. Heograpiya, Kasaysayan at Sibika (2)
3. Araling Panlipunan (3)



## GAWAIN 1.3

### Pagbubuod

**Direksyon:** Sumulat ng isang komprehensibong depinisyon ng Araling Panlipunan. Ibatay ito sa mga depinisyon sa pahina 3. (5 puntos)

**Mensahe:** Sana sa pagtatapos ng Aralin 1 ay nagkaroon ka na ng komprehensibong kaalaman tungkol sa kahulugan, katuturan at hangarin ng Araling Panlipunan (AP), Heograpiya, Kasaysayan at Sibika (HKS) at Sibika at Kultura (SK). Sikaping tandaan ang napapaloob sa loob ng kahon sa ibaba. Makikita mo ang mga tamang sagot sa Gawain 1 hanggang Gawain 5.



## TANDAAN NATIN

Ang **Araling Panlipunan** ay *core* na asignatura sa batayang edukasyon sa mahabang panahon. Subalit sa implementasyon ng 2002 *Basic Education Curriculum* naging pangunahing komponente ito ng **Makabayan**, ang ikalimang saklaw na aralin (*learning area*) sa mga paaralang sekondarya at elementarya. Mahalagang papel ang ginagampanan ng Araling Panlipunan sa paglinang ng mabubuting mamamayan.


Bukod sa mga naturan mayaman sa mga aralin ang **Araling Panlipunan**. Sa katunayan, humahango ito ng mga aralin/konsepto/paglalahat sa mga disiplina ng Agham Panlipunan, natural na agham at humanidades. Ang mga disiplina ng agham panlipunan (*social sciences*) na pinanggagalingan ng mga aralin ay ang **antropolohiya, sosyolohiya, agham pampulitika, heograpiya, kasaysayan, ekonomiks** at **sikolohiya**. Humahango rin ng mga aralin ang Araling Panlipunan sa **humanidades** tulad ng **sayaw, musika, sining, duplo, balagtasán, arkitektura** at iba pa. Lahat ng mga ito ay naisasagawa sa pagproseso ng mga aralin sa pamamaraang integratibo, interaktibo at kolaboratibo.

# ARALIN 2

## *PAGPAPLANO NG INSTRUKSYON SA ARALING PANLIPUNAN*

### INTRODUKSYON

Alam mo bang ang tagumpay sa pagtuturo ay nakasalalay sa magaling na pagpaplanong instruksiyon? Batid mo bang magiging epektibo ang pagpaplanong instruksiyon kapag susundan ang lohikal na pagdebelop ng aralin? Ito ang pagsunod sa kontinum sa pagkatuto (*learning continuum*) na nabubuo ng (1) layunin, (2) nilalaman, (3) estratehiya, at (4) ebalwasyon. Masusundan ito sa pagbuo ng isang banghay-aralin sa pagtatapos ng **Aralin 2**. Huwag kang mag-alala. Tutulungan ka ng **Aralin 2** para makasulat ng banghay-araling ginagamitan ng angkop na estratehiya sa pagtuturo at kalapat na proseso sa pagtasa (*assessment*) at ebalwasyon. Narito ang mga layuning magiging gabay mo sa pag-aaral ng **Aralin 2**.



### MGA LAYUNIN

Ang mga guro sa pag-aaral ng **Aralin 2** ay:

1. makasusunod sa kontinum sa pagkatuto (*learning continuum*) sa pagpaplanong instruksiyon sa Araling Panlipunan;
2. makasusulat ng mga layuning instruksiyunal para sa aralin sa tatlong domain (kognitibo, apektibo, at saykomotor);
3. makapag-aayos ng nilalaman ng instruksiyon sa pamamagitan ng pagtukoy sa paksa, konsepto, batayang kaisipan o balangkas ng aralin, babasahin o seleksyon at mga kagamitan sa pagtuturo;

4. makapipili ng akmang estratehiya at *graphic organizer* para sa binubuong aralin; at
5. makagagamit ng awtentikong pagtasa (authentic assessment) ng aralin.




## BABASAHIN

### PAGPAPLANO NG INSTRUKSYON

Pamilyar ka na sa kontinum sa pagkatuto o *learning continuum*, di ba? *Una* ay ang mga layuning instruksiyunal; *ikalawa* ay ang nilalaman ng instruksyon; *ikatlo* ay ang estratehiya; at *ikaapat* ay ang pagtasa (*assessment*). Narito ang mga babasahin (*readings*) para sa bawat komponente ng *learning continuum*.

#### A. Pagsulat ng mga Layuning Instruksiyunal

Narito ang format ng pagkakasunud-sunod ng kontinum sa pagkatuto:



Sa pagbuo ng mga layunin isinasaalang-alang ang kaalaman (*knowledge*); proseso ng pag-iisip (*thinking processes*); kasanayan (*skills*); saloobin (*attitudes*) at kahalagahan (*values*).

May tatlong *domain* ang mga **layuning instruksiyunal** - kognitibo, apektibo at saykomotor. May mga kasanayang dapat linangin sa bawat kategorya mula sa pinakamababa hanggang sa pinakamataas na lebel. Narito ang ilang salitang (*pandiwa*) na maaari mong magamit sa pagsulat ng mga layunin para sa isang aralin o yunit ng instruksyon. Ang mga layuning ito ang magiging gabay mo sa paggawa ng mga gawaing pangklase at angkop na pagtaya sa natutunan ng mga mag-aaral.

**Mga Layuning Kognitibo** (*Cognitive Objectives*). Nauukol sa mental na operasyon ang mga layuning pangkaalaman.

1. **Kaalaman** (*Knowledge*). Pagtanda/pag-alaala/paggunita
 

matatandaan	maililista	matutukoy
masasabi	mailalarawan	mapapangalanan
2. **Komprehensyon** (*Comprehension*). Pag-unawa/pag-intindi
 

makabubuo	makikilala	maikakategorya
mahahango	makapaglalahat	maipaliliwanag
3. **Aplikasyon** (*Application*). Paggamit sa natutunan sa ibang sitwasyon
 

maiuugnay	maihahanda	matatalakay
makalalahok	matutuklasan	mapag-iiba-iba
4. **Pagsusuri** (*Analysis*). Pagkilala sa mga elemento, pag-uugnayan at prinsipyo
 

maisasaayos	masusuri	mapipili
mahihinuha	maaanalisa	matitipon
5. **Pagbubuo** (*Synthesis*). Pagsasama-sama ng iba' t ibang bahagi sa isang makabuluhang kabuuan
 

makalilikha	maisasaayos	matitipon
makabubuo	madedebelop	mapagsasama-sama
6. **Pagtaya** (*Evaluation*). Paggawa ng kapasiyahan ayon sa itinakdang kraytrerya
 

mapatutunayan	masusuportahan	matataya
madidisenyuhan	mapupuna	mapapakahulugan

**Mga Layuning Apektib** (*Affective Objectives*). Nauukol ang mga layuning ito sa damdamin (*feelings*), saloobin (*attitudes*) at pagpapahalaga (*values*) buhat sa pinakamababa hanggang sa pinakamataas na lebel.

1. **Pagtalima** (*Attend*). Pagdinig, kamalayan, pagtanggap  

matutukoy	didinggin	maitatanong
mamimili	mahamanap	maririnig
2. **Pagtugon** (*Respond*). Pagtugon, pagkilala, pagsagot  

masasagot	makatutugon	magagawa
makikilala	matatanggap	masasalo
3. **Pagpapahalaga** (*Valuing*). Pagsasaloob, pagsasapuso  

mangangako	mapupuri	mapasalamatan
maisagawa	magugunita	maiahalimbawa
4. **Paglinang sa Pagpapahalaga** (*Developing Values*). Pagkilos ayon sa pagpapahalaga  

maimumungkahi	maipakikita	makakikilos
mailalarawan	maisasaayos	matutulungan

**Mga Layuning Saykomotor** (*Psychomotor Objectives*). Nauukol ang mga ito sa manipulasyon ng mga kagamitan o bagay mula sa pinakamababa hanggang sa makaabot sa pinakamataas na lebel.

1. **Paggalaw** (*Movement*). Kabuuang koordinasyon  

mabubuhat	matatakbo	makukuha
madadala	malalakad	maisasantabi
2. **Manipulasyon** (*Manipulation*). Pinong koordinasyon  

maidudugtong	makatutulong	masisindihan
maikakabit	makagagawa	mapagsasama-sama



3. **Komunikasyon** (*Communication*). Komunikasyon ng mga ideya at damdamin

maisusulat	maaanalisa	maiguguhit
maitatanong	mailalarawan	maipaliliwanag

4. **Paglikha** (*Creation*). Paglikha ng mga orihinal na gawain

makalilikha	maibabalangkas	maitatayo
madedebelop	matutuklasan	maididisenyo

Tandaang gamitin bilang gabay sa pagsulat ng mga layuning instruksyunal ang:

**S** = *Specific* (tiyak)

**M** = *Measurable* (nasusukat)

**A** = *Attainable* (naaabot)

**R** = *Realistic* (makatotohanan)

**T** = *Time bound* (may takdang oras/panahon)



## SCQ 2.1

**Direksyon:** Sagutin sa talakayan ang mga sumusunod:

1. Ano ang instruksyon? (1 punto)
2. Bakit dapat pagbutihin ang pagpapalano ng instruksyon? (1 punto)
3. Ano ang *learning continuum*? (1 punto)
4. Anu-ano ang mga bahagi ng *learning continuum*? (4 puntos)

**Mensahe:** Laging tandaan ang paggamit ng wastong salita (pandiwa) sa tatlong *domain* ng mga layuning instruksyunal.



## GAWAIN 2.1 Sumulat Tayo

**Direksyon:** Pumili ng isang babasahing nauugnay sa isa sa mga araling itinuturo mo sa Araling Panlipunan. Simulan ang pagpapalano ng instruksyon tungkol dito. Simulan ang pagpapalano sa mga layuning kognitibo, apektibo, at saykomotor tungkol sa napiling aralin. Isulat ito sa sagutang papel. (5 puntos)

### B. Pag-oorganisa ng Nilalaman ng Instruksyon

Pagkatapos na maisulat ang mga layuning instruksiyunal sa tatlong domain, masisimulan na ang pag-oorganisa ng nilalaman ng instruksyon. Binubuo ang nilalaman ng instruksyon ng paksa, mga konsepto, balangkas ng aralin, babasahin, at kagamitan.

1. Paksa (*Topic*). Ang paksang-aralin na hango sa isang seleksyon o yunit ng instruksyon.

Halimbawa: Pagtataguyod sa Demokrasya

Pagmamahal sa Inang Bayan

2. Mga Konsepto (*Concepts*). Ang mga abstrak na salita o parirala na nagagamit sa pagkakategorya ng mga grupo ng bagay, ideya o pangyayari

Halimbawa: paaralan                      katarungan                      pamahalaan

demokrasya                      kapayapaan                      nasyonalismo

karapatan                      kalinisan                      pagkakaisa

3. Balangkas (*Outline*). Ang kaayusan ng mga pangunahin at sumusuportang ideya na hango sa isang seleksyon o aralin
4. Babasahin (*Selection*). Ang istorya o seleksyon na pag-aaralan
5. Kagamitan (*Materials*). Ang mga bagay na gagamitin sa pagtuturo tulad ng mga chart, mapa, larawan, pelikula at iba pa.



## GAWAIN 2.2

### Magsaayos Tayo

**Direksyon:** Isaayos ang nilalaman (*content*) ng araling napili sa **Gawain 2**.

Isulat ang:

- A. Paksa: \_\_\_\_\_
- B. Mga Konsepto: \_\_\_\_\_
- C. Balangkas: \_\_\_\_\_
- D. Babasahin: \_\_\_\_\_
- E. Kagamitan: \_\_\_\_\_ (5 puntos)

### C. Mga Modelong Estratehiya sa Pagtuturo (*Model Teaching Strategies*)

Bilang guro ng Araling Panlipunan; Sibika at Kultura; at Heograpiya, Kasaysayan at Sibika, umaasa kang makasusulat ng mga banghay-araling ginagamitan ng mga modelong estratehiya sa pagtuturo. Magaling ang mga modelong estratehiya sa pagtuturo. Paano'y nakadiseno ang mga ito upang makamit ang mga tiyak na hangarin (*specific goals*) ng aralin. Ang mga modelong estratehiya sa pagtuturo ay bunga ng masusing pag-aaral ng mga edukador ng Araling Panlipunan. Narito ang ilan sa mga modelong estratehiya sa pagtuturo (*model teaching strategies*) na magagamit mo sa silid-aralan.

1. ***Tri-Questions Approach***. Magagamit ang *Tri-Questions Approach* ni Gary Goulson sa mga aralin tungkol sa mga pangyayari sa kasaysayan o araling kontemporaryo na magagamitan ng tatlong lohikal na tanong. Narito ang format ng modelo.

- A. Panimulang Gawain
- B. Pagtatanong/Talakayan
  - Tanong 1. Ano ang nangyari?
  - Tanong 2. Bakit ito nangyari?

## Tanong 3. Ano ang kinahinatnan ng pangyayari?

## C. Pagtatapos

2. **Concept Mapping.** Madaling matukoy ang mga konsepto sa pamamagitan ng concept mapping. Ito ay pagdisenyo ng ugnayan ng mga konsepto sa isang aralin. Sa ganitong paraan, madaling nabibigyang kahulugan ng mga mag-aaral ang tinatalakay na aralin. Isinasagawa ang pagmamapa ng konsepto sa prosesong mental o pangkaisipan. Narito ang mga hakbang sa paggamit ng concept mapping sa pagtuturo.

- A. Pagkilala sa Konsepto
- B. Pagbubuo ng Ugnayan ng mga Konsepto
- C. Pagbibigay ng Interpretasyon sa mga Konsepto
- D. Pagbubuo

3. **Cognitive Mapping.** Magagamit ang *cognitive mapping* ni Walter Parker sa pagtalakay ng mga araling nakatuon sa kognisyon (*cognition*) o pangkaalaman. Karaniwang ginagamit ang modelong ito sa mga araling *issue-oriented*. Sa ganitong paraan, napag-uusapan (*brainstorm*) ang paksa at naisasaayos ang impormasyon. Narito ang mga hakbang ng modelo.

- A. Pagpili ng Paksa
- B. Pag-uusap (*Brainstorm*) Tungkol sa Paksa
- C. Pagsasaayos ang mga Impormasyon
- D. Pagtatapos

4. **Social Analysis Model.** Magagamit ang *social analysis model* ni James Shaver sa pagsusuri ng mga isyung panlipunan sa lebel na lokal, nasyonal o global. Naisasagawa ito sa pagsunod sa sumusunod na mga hakbang.

- A. Paglalahad ng Isyu/Sitwasyon
- B. Pagtukoy sa Isyu/Sitwasyon
- C. Pagsusuri sa Isyu/Sitwasyon
- D. Pagtatapos

**5. ACES Teaching Approach.** Isa ito sa mga modelong estratehiya sa pagtuturong debelopmental at ekspiryensyal na nakapokus sa kognitibo at apektibong pagkatuto. Magagamit ito ng guro sa mga araling debelopmental na nangangailangan ng lohikal na pagtalakay sa aralin. Narito ang mga hakbang ng modelo.

- A. *Activity* (Gawain)
- B. *Analysis* (Pagsusuri)
- C. *Abstraction* (Paghahalaw)
- D. *Application* (Paglalapat)

**6. Inquiry Model.** Magagamit ang *inquiry model* o modelong pasiyasat sa mga araling tatalakayin sa prosesong siyentipiko (*scientific method/problem solving*). Ito ang modelo ng pag-aaral sa mga disiplina ng natural na agham at agham panlipunang ginagamit din ng mga edukador ng Araling Panlipunan. Narito ang mga hakbang ng modelong pasiyasat.

- A. Pagtukoy sa Suliranin
- B. Pagbuo ng mga Hipotesis
- C. Pangungulekta ng Impormasyon
- D. Pagtaya sa mga Hipoteses
- E. Pagbuo ng Konklusyon

**7. Valuing Model.** Magagamit ang *valuing model* o modelong pagpapahalaga sa mga aralin/isyu/suliranin/sitwasyon na nangangailangan ng makatwirang desisyon. Maisasagawa ito pagkat ang pagpapahalaga ay ideya o konsepto tungkol sa pinahahalagahan sa buhay ng sinuman. Ang mga pagpapahalaga (*values*) ay mga bagay na kapaki-pakinabang na matamo; naglalahad kung ano ang tama o mali; kung ano ang mahalaga; kung ano ang hangarin at kung bakit pinahahalagahan ang mga ito. Halos lahat ng mga aralin ay may puwang sa gawaing pagpapahalaga. Narito ang mga hakbang ng modelong pagpapahalaga.

- A. Pagtukoy sa Suliranin/Isyu
- B. Paglilinaw sa Isyu

- C. Pangungulekta/Pag-oorganisa sa Ebidensya
- D. Pagtasa (*Assessment*) sa Katotohanan ng Ebidensya
- E. Pagpili ng Alternatibong Solusyon
- F. Pagsasaalang-alang ng Kahihinatnan ng Bawat Alternatibo
- G. Pagpili ng Pinakamagaling na Alternatibo

**8. *Moral Dilemma Model.*** Magagamit ang *moral discussion model* ni Barry K. Beyer sa pagproseso ng mga isyung may komplikadong dilema. Ang dilema ay isyu/sitwasyon na pagpipilian sa pagitan ng dalawang alternatibo o kaya'y sa paglutas ng mahirap na suliranin/sitwasyon/isyu. Narito ang mga hakbang ng modelong *moral dilemma*.

- A. Paglalahad sa Dilema
- B. Paglikha ng Dibisyon sa Aksyon
- C. Talakayan ng mga Grupo
- D. Talakayan sa Klase
- E. Pagtatapos

*Nasuri mo bang mabuti ang mga hakbang sa pagtuturo sa walong modelo ng estratehiyang magagamit sa pagtuturo ng Araling Panlipunan? Kung gayon gawin mo na ang sumusunod na mga gawain.*



## SCQ 2.2

**Direksyon:** Sagutin ang mga sumusunod na tanong sa talakayan.

A. Anong modelong estratehiya ang magagamit sa:

1. pagsusuri ng isyu?
2. pagtatanong tungkol sa isang naganap na pangyayari?
3. pagbibigay ng pananaw tungkol sa isang pangyayaring nangangailangan ng impormasyon?
4. pag-uugnay sa mga konsepto?
5. pagbibigay solusyon sa isang dilema?
6. pagpapahalaga sa mga gawaing isinasagawa?
7. pagsisiyasat tungo sa paghanap ng solusyon?
8. gawaing debelopmental at ekspiryensyal?



## GAWAIN 2.3 Pumili Tayo

**Direksyon:** Pumili ka ngayon ng isang modelong estratehiya sa pagtuturong magagamit sa paksang-araling pinili mo para sa Gawain 1-3. Ibigay ang rasyonal kung bakit ito ang iyong napili. (5 puntos)


### D. Mga Graphic Organizers

Nagagamit ang mga *graphic organizers* sa halos lahat ng hakbang ng pagtuturo ayon sa plano. May mga *graphic organizers* na ginagamit sa mga panimulang gawain, sa debelopment ng aralin, at sa pagtatapos.

Binubuo ang mga *graphic organizers* o *learning organizers* ng mga linya, *arrows*, kahon at bilog na nagpapakita ng ugnayan ng mga ideya. Ginagamit ang mga *graphic organizers* sa pag-oorganisa ng mga impormasyon. Sa paggamit ng mga *graphic organizers* madaling makikita, mauunawaan, matatandaan ang ugnayan ng mga ideya na nanggagaling sa mga teksto o babasahin.

Narito ang ilang *graphic organizers* na magagamit ng guro sa pagpapalano ng instruksyon:

1. **Concept Map.** Makikita sa concept map ang listahan at kaayusan ng mga pangunahing konsepto mula sa isang teksto o babasahin. Ginagamit ang concept map para makatulong sa komprehensyon (*comprehension*) ng mga mag-aaral, sa pag-oorganisa ng mga konsepto, at sa pagsusuri sa ugnayan ng mga ito.




**(Concept map)**

**Paliwanag:** 1. Ang malalawak na masa ng elebasyon sa mundo ay ang mga kontinente.

2. Ang malalawak na depresyon sa mundo ay ang mga karagatan.

2. **Cluster Map.** Ito ang set ng mga konsepto o ideyang nauugnay sa isang pangunahing konsepto. Makikita sa *cluster map* ang pangunahing konsepto/paksa at ang nakapaligid na sumusuportang mga konsepto/paksa.






**(Cluster Map)**

**Paliwanag:** May iba't ibang uri ng pamahalaang umiiral sa iba't ibang panig ng daigdig.

3. **Factstorming Web.** Mahalaga ang *factstorming web* sa pagpapalano ng nilalaman ng instruksyon para maisakatuparan ang mga layuning edukasyonal. Maipakikita sa *factstorming web* ang kabuuan ng yunit na pag-aaralan sa pamamagitan ng paglikha ng web ng mga potensyal na ideyang pag-aaralan.



**(Factstorming Web)**

**Paliwanag:** Ang mga uri o klasipikasyon ng pamahalaan ay ayon sa: lawak ng kapangyarihan, dibisyon ng kapangyarihan, kapanagutan at ugnayan ng eheutiubo sa lehislatibo.


4. **Discussion Web.** Ito ang grapikong representasyon na ginagamit sa pag-oorganisa ng argumento o ebidensya mula sa teksto. Epektibo ito sa pagsagot sa mga isyu o tanong na hindi pa nadidisyunan kung saan balanse pa ang mga argumentong *pro* at *con*. Pagkatapos ng *web* pag-uusapan sa klase ang isinagawang paghahambing.

**Direksyon:** Sagutin ang *core question* ng **Oo** o **Hindi**: Kung ang sagot ay **Oo**, isulat ang paliwanag ng sagot sa ilalim ng **Oo**. Kung ang sagot ay **Hindi**, isulat ang paliwanag sa sagot sa ilalim ng **Hindi**.

Oo, Bakit?		Hindi, Bakit?
	Dapat bang isulong ang <i>Charter Change</i> sa panahong ito?	

**(Discussion Web)**

5. **Semantic Web.** Ginagamit ang *semantic web* sa paglalahad ng sagot sa *core question*, na karaniwang may apat na sapot. Apat ang elemento nito tulad ng *core question*, *web strand*, *strand support*, at *strand ties*. Sa *core question* nakapokus ang *web*. Lahat ng mga impormasyon tungkol sa diskusyon ay nauugnay sa *core question*.



**(Semantic Web)**

**Paliwanag:** Ang mga karapatang pantao ay may apat na uri: pangkabuhayan, pulitikjal, sibil at sosyo-kultural.

6. **Venn Diagram.** Ginagamit ang *Venn diagram* sa paghahambing ng dalawang set ng tao, bagay, lugar o pangyayari.

**Tanong:** Paano nagkakaiba ang rotasyon at rebolusyon?

Paano nagkakatulad ang rotasyon at rebolusyon?



*Kumusta ka na? Malayo na ang iyong narating. Marami ka nang napag-aralan. Alam na alam mo na ngayon kung paano nabibigyang buhay at kulay ang mga aralin sa Araling Panlipunan sa pamamagitan ng paggamit ng mga modelo sa pagtuturo at ng mga graphic organizers.*



### SCQ 2.3

**Direksyon:** Sagutin ang mga tanong sa ibaba. Piliin ang sagot sa loob ng kahon.

<i>concept map</i>	<i>discussion web</i>
<i>cluster map</i>	<i>venn diagram</i>
<i>facstorming web</i>	<i>tree diagram</i>
<i>semantic web</i>	<i>data information chart</i>
<i>flow chart</i>	

Anong *graphic organizer* ang dapat gamitin sa:

- \_\_\_\_\_ 1. pagpapakita ng kabuuang saklaw ng aralin?
- \_\_\_\_\_ 2. pagbibigay ng apat na katangian?
- \_\_\_\_\_ 3. paglalarawan sa pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari?
- \_\_\_\_\_ 4. paghahambing ng dalawang tao, bagay o pangyayari?
- \_\_\_\_\_ 5. pagsagot ng **Oo** o **Hindi** sa isang pangyayari?
- \_\_\_\_\_ 6. pag-define sa isang konsepto o pagpapaliwanag sa isang pangyayari?
- \_\_\_\_\_ 7. paglalarawang hirarkikal (*hierarchical*) sa mga bagay, pangyayari o sitwasyon?
- \_\_\_\_\_ 8. paglalarawan sa mga sub-konsepto mula sa isang pangunahing konsepto?
- \_\_\_\_\_ 9. pagbibigay ng kabuuang impormasyon tungkol sa isang aralin?
- \_\_\_\_\_ 10. paggamit ng mga sub-konsepto sa ilalim ng pangunahing konsepto? (10 puntos)



## TANDAAN NATIN


1. Sa lahat ng panahon sikaping maisagawa bilang guro ang masusing pagpaplano ng instruksyon.
2. Laging sundin ang *learning continuum* sa pagpaplano ng instruksyon.
3. Hanguin ang nilalaman ng instruksyon buhat sa *learning competencies* ng Araling Panlipunan.
4. Gumamit ng modelong estratehiya sa pagtuturo at mga *graphic organizers* sa pagpaplano ng instruksyon.
5. Gumamit ng iba-ibang estratehiya sa pagtuturo.

# ARALIN 3

## *MGA MODELONG BANGHAY-ARALIN SA ARALING PANLIPUNAN*

### I. INTRODUKSYON

Makaaasa ng epektibong instruksyon kung gagamitan ang napiling aralin ng mga modelong estratehiya sa pagtuturo at mga *graphic organizers* na nagbibigay linaw, kaayusan, buhay at kulay sa pagproseso ng aralin sa silid aralan. Mapag-aaralan sa **Aralin 3** ang daloy ng mga araling ginagamitan ng mga modelong estratehiya sa pagtuturo. Malinaw na maibabahagi sa iyo ang mga modelong estratehiya sa pagtuturo sa **Aralin 3**. Narito ang dalawang banghay-araling magsisilbing modelo sa paghahanda ng mga banghay-araling magagamit mo sa pagtuturo.



### II. MGA LAYUNIN

Layon ng mga guro sa pag-aaral ng **Aralin 3** ang:

1. matutunan ang wastong paggamit ng iba-ibang modelong estratehiya sa pagtuturo;
2. maipaliliwanag ang wastong paggamit ng mga *graphic organizers* sa bawat hakbang ng pagtuturo sa napiling estratehiya;
3. maituturo ang dalawang banghay-aralin sa silid-aralan; at
4. makasusulat ng isang banghay-araling ginagamit ang alinman sa mga modelong estratehiya sa pagtuturo at mga kalapat na *graphic organizers*.

*Pag-aaralan mo ngayong mabuti ang sumusunod na dalawang banghay-aralin na ginagamitan ng mga modelong estratehiya sa pagtuturo. Pagkatapos ay subukan mong sumulat ng sarili mong banghay-aralin.*



## **Modelong Banghay-Aralin na Ginagamitan ng Concept Development Model Para sa Heograpiya, Kasaysayan at Sibika (HKS) sa Mababang Paaralan**

Inihanda ni  
Rosita D. Tadena, Ph.D.  
U.P. Integrated School  
College of Education  
University of the Philippines

### **I. INTRODUKSYON**

Maraming pagbabagong nasasaksihan ang mga bata sa kasalukuyang panahon. Nangangailangan ng masusing patnubay ang mga mag-aaral sa paghahanap nila ng karunungan. Nararapat lamang na ang guro'y nagtataglay ng kinakailangang mga kasanayan sa pagtuturo upang makatulong sa kanyang mga estudyanteng maging aktibong kalahok sa pagsisiyasat ng mga bagong ideya/konsepto. Sa ganitong paraan, nakalilikha siya ng isang kasiya-siyang kapaligiran sa loob ng silid-aralan.

Sa *concept development model*, matututunan ng mga mag-aaral ang (1) pagkilala at paglilista ng mga konsepto, (2) pagpapangkat o pagkakategorya sa mga konsepto ayon sa kanilang katangian, at (3) pagbibigay ng angkop na leybel o pangalan. Maliwanag na maipakikita ng estratehiyang ito ang lohikal na daloy sa pag-aaral ng isang paksa o aralin. Ang estratehiyang ito ay laging nagsisimula sa isang tanong.

### **II. MGA LAYUNIN**

Sa pagtalakay ng aralin magagawa ng mga mag-aaral ang mga sumusunod:

1. Matutukoy ang mga karapatang pantaong inilalarawan ng mga larawan at isinasaad ng mga sitwasyon;
2. Maipaliliwanag ang batayan ng pagkakategorya ng mga karapatan;
3. Maigagalang ang karapatan ng iba;
4. Maililista ang iba't ibang karapatan sa tulong ng mga larawan; at
5. Makaguguhit ng isang poster tungkol sa pagpapakita ng paggalang sa karapatan ng iba.

### III. NILALAMAN

- A. Paksa : Mga Kategorya ng Karapatang Pantao
- B. Mga Konsepto : Karapatan sa malayang pamamahayag
  - Karapatang pulitikal
  - Karapatang pangkabuhayan
  - Karapatang sosyo-kultural
  - Karapatang sibil
- C. Balangkas ng Aralin
  - Mga Uri ng Karapatan
    - 1. Karapatang Pulitikal
    - 2. Karapatang Sibil
    - 3. Karapatang Pangkabuhayan
    - 4. Karapatang Sosyo-Kultural
- D. Babasahin: Mga sitwasyong ginawa ng may-akda
- E. Mga Kagamitan: Mga larawan tungkol sa karapatang pantao

### IV. PAMARAAN (*CONCEPT DEVELOPMENT*)

#### Unang Araw

##### A. Panimulang Gawain

1. Balitaan tungkol sa mga paglabag sa mga karapatang pantaong nababasa sa mga pahayagan o napanood sa TV.
2. Itanong sa mga bata kung ano ang nalalaman nila tungkol sa salitang karapatan. Itanong kung paano nila nakakamit ang kanilang karapatan.
3. Magpakita ng mga larawan tungkol sa mga karapatang pantao. Hikayatin ang mga batang ipahayag ang kanilang saloobin tungkol sa mga larawan.

4. Ipabasa sa mga mag-aaral ang mga sitwasyong sinulat ng guro. Itanong kung tungkol saan ang binasang mga sitwasyon.

## **B. Panlinang na Gawain**

### 1. Paglilista (*Listing*)

- a. Itanong: Anong mga karapatan ang isinasaad ng bawat larawan? ng bawat sitwasyon?
- b. Ililista ng guro o ng mga mag-aaral sa pisara ang mga karapatang nakilala sa mga larawang pinag-aralan at mga sitwasyong binasa nila tulad ng mga sumusunod:

karapatang bumoto/humalal

karapatang humawak ng tungkulin

karapatang maglakbay

karapatang magtayo ng negosyo

karapatan sa edukasyon

karapatan sa pananampalataya

karapatan sa malayang pamamahayag

karapatan sa paninirahan

karapatan sa pansariling kaligtasan

karapatan laban sa sapilitang paglilingkod

karapatang magkaroon ng sapat na kita

karapatan sa pribadong ari-arian

karapatang pumili ng makakasama sa buhay

karapatang magkaroon ng maayos na hanapbuhay

karapatang magtatag ng samahan

## **Ikalawang Araw**

### 2. Pagpapangkat (*Grouping/Categorization*)

- a. Itanong: Anong mga karapatan ang maaaring makabilang sa isang grupo?
- b. Lalagyan ng guro o ng mga mag-aaral ng parehong pananda ang mga karapatang kabilang sa isang grupo. Tingnan ang halimbawa sa ibaba.
- \* karapatang bumoto/humalal
  - \* karapatang humawak ng tungkulin
  - x karapatang maglakbay
  - # karapatang magtayo ng negosyo
  - @ karapatan sa edukasyon
  - @ karapatan sa pananampalataya
  - \* karapatan sa malayang pamamahayag
  - x karapatan sa paninirahan
  - x karapatan sa pansariling kaligtasan
  - x karapatan laban sa sapilitang paglilingkod
  - # karapatang magkaroon ng sapat na kita
  - x karapatan sa pribadong ari-arian
  - @ karapatang pumili ng makakasama sa buhay
  - # karapatang magkaroon ng maayos na hanapbuhay
  - @ karapatang magtatag ng samahan
- c. Itanong sa mga mag-aaral ang batayan ng kanilang pagpapangkat.
3. Pagbibigay ng Pangalan (*Labeling*)
- a. Ipasulat sa wastong hanay ang mga karapatang pinangkat ng mga bata.

#### Mga Karapatang Pantao

*	#	@	X

- b. Pagkatapos maisulat sa wastong hanay ang mga karapatan, itanong: Anong pangalan ang angkop sa bawat hanay?
- \* Karapatang pulitikal
  - x Karapatang sibil
  - # Karapatang pangkabuhayan
  - @ Karapatang sosyo-kultural
- c. Patnubayan ang mga mag-aaral na bigyang-kahulugan ang iba't ibang uri ng karapatang nabuo nila.

### C. Pangwakas na Gawain

#### 1. Pagpapahalaga

Sagutin ang mga tanong.

- a. Mahalaga ba ang mga karapatan? Ipaliwanag ang sagot.
- b. Paano mo ipamamalas ang pagpapahalaga sa iyong mga karapatan?

#### 2. Paglalahat

Gabayan ang mga bata sa pagbuo ng mga paglalahat.

- a. Maraming karapatang pantao ang tinatamasa ng mga mamamayang Pilipino.
- b. May apat na uri ang karapatang pantao: pulitikal, sibil, pangkabuhayan, at sosyo-kultural.

#### 3. Paglalapat

Ano ang nararapat mong gawin kapag ang karapatan mo ay nilalabag?

**IV. PAGTATAYA**

**Direksyon.** Isulat sa guhit bago ang bilang ang **P** kung ang karapatan ay pulitikal, **S** kung sibil, **K** kung pangkabuhayan at **SK** kung sosyo-kultural.

- \_\_\_\_\_ 1. Karapatang mag-aral
- \_\_\_\_\_ 2. Karapatang pumili ng relihiyon
- \_\_\_\_\_ 3. Karapatang tumanggap ng wastong shod.
- \_\_\_\_\_ 4. Karapatang kumandidato
- \_\_\_\_\_ 5. Karapatang magkaroon ng pamilya
- \_\_\_\_\_ 6. Karapatang magtatag ng asosasyon
- \_\_\_\_\_ 7. Karapatang bumoto
- \_\_\_\_\_ 8. Karapatan sa pansariling kaligtasan
- \_\_\_\_\_ 9. Karapatan sa pribadong ari-arian
- \_\_\_\_\_ 10. Karapatang maglakbay

**V. TAKDANG-ARALIN**

Gumawa ng isang poster tungkol sa isang karapatang hindi mo lubusang matatamasa sa kasalukuyang kalagayan mo.



## BABASAHIN:

### MGA SITWASYON TUNGKOL SA MGA KARAPATANG PANTAO

Anong karapatan ang isinasaad sa bawat sitwasyon?

1. Nagpatayo ng isang bunggalo si Mang Jose sa loteng nabili niya sa Novaliches, Quezon City. Kaagad silang lumipat sa bagong bahay nang mayari ito.
2. Si Mang Fermin ay kumandidato bilang alkalde ng kanilang bayan. Nanalo siya sa isang malinis na halalan. Naupo siyang alkalde ng kanilang bayan.
3. Si Ginoong Romero ay isang matagumpay na negosyante. Pagkatapos ng maraming taong puspulang pagtatrabaho ipinasiya niyang magpahinga at magliwaliw sa ibang bansa kasama ang kanyang pamilya.
4. Isang pulis ang dumating sa tahanan ni Mang Pepe. Gusto ng pulis na maghalughog sa kanyang bahay. Walang maipakitang *search warrant* ang pulis kaya hindi niya ito pinapasok.
5. Si Minda ay katulong ng mag-asawang Larry at Merly. Nais niyang ipagpatuloy ang kanyang pag-aaral kaya nagpaalam siya sa mag-asawa. Hindi siya pinayagang umaliis dahil hindi pa bayad ang utang ng kanyang mga magulang.
6. Si Mang Ruben ay isang manggagawa. Kabilang siya sa mga nag-aklas dahil hindi sumunod ang may-ari ng kumpanya sa pasahod na itinatadhana ng batas.
7. Nagisnan na ni Nora ang pagiging Katoliko ng kanyang mga magulang. Mahigpit nilang sinusunod ang mga turo at doktrina ng Simbahang Katoliko. Pinili niyang maging Katoliko tulad ng kanyang mga magulang.
8. Si Lino ay 30 taong gulang na at nagtatrabaho sa isang malaking bangko sa Makati. Malaki-laki na rin ang naiipon niya. Handa na niyang iharap sa dambana ang babaeng minamahal niya, hindi sa babaeng nagugustuhan ng mga magulang niya para sa kanya.

9. Ang kababaihan sa baryo Matimyas ay nagtayo ng isang samahan para magkaroon ng kabuhayan ang mga kababaihang naiwan sa tahanan. Natuto sila ng mga kasanayang pangkabuhayan na nagagamit nila sa paggawa ng mga produktong pantahanan.
10. Nagtapos sa mataas na paaralan si Dino. Gusto ng tatay niyang kumuha siya ng medisina upang may makatuwang siya sa kanyang klinika subalit ang hilig ng anak ay inhinyerya. Laking tuwa't pasasalamat niya nang payagan siyang magpatala sa kursong pinili niya.



### SCQ 3.1

**Direksyon:** Sagutin ang sumusunod na mga tanong:

1. Ano ang konsepto? Magbigay ng mga halimbawa. (3 puntos)
2. Anu-ano ang mga hakbang sa pagtuturo ng araling ginagamitan ng *concept development*? (3 puntos)
3. Kailan magagamit ang *concept development* sa pagtuturo? (1 puntos)



### GAWAIN 3.1 Pumili Tayo

**Direksyon:** Sagutin ang sumusunod na mga tanong:

1. Ano ang paksa? Magbigay ng halimbawa. (1 punto)
2. Ano ang modelong estratehiya na mailalapat mo sa paksang pinili para sa Blg. 1? (1 punto)
3. Ano ang *graphic organizer* na magagamit mo para sa paksang ito? (1 punto)





## GAWAIN 3.2 Sumulat Tayo

Sumulat ng isang banghay-araling ginagamitan ng isang modelong estratehiya sa pagtuturo ng Sibika at Kultura (SK) o Heograpiya, Kasaysayan at Sibika (HKS) o Araling Panlipunan (AP). (10 puntos)

*Pag-aaralan mo ngayon ang banghay-aralin para sa Araling Panlipunan II na ginagamitan ng modelong pagsusuring panlipunan. Pagkatapos ay subukang gamitin sa pagtuturo sa silid aralan.*

### MODELONG BANGHAY-ARALIN SA ARALING PANLIPUNAN NA GINAGAMITAN NG MODELONG PAGSUSURING PANLIPUNAN (SOCIAL ANALYSIS MODEL)

Inihanda ni  
Lydia N. Agno, Ed.D  
U.P. College of Education  
U.P. Open University

#### I. INTRODUKSYON

Sa masusing pagsusuri ng mga kasanayan sa pagkatuto (*learning competencies*) ng Araling Panlipunan sa mataas na paaralan mapapansing ang nakararami sa mga araling napapaloob dito ay mga isyung mailalapat sa pang-araw-araw na pamumuhay. May mga isyung pulitikal at pangkabuhayan at may mga isyu ring sosyal at kultural. Madaling maituturo ang mga araling nakatuon sa mga isyung nagaganap sa pamayanang lokal, nasyonal, rehiyonal at internasyonal sa paggamit ng modelong pagsusuring panlipunan (*social analysis model*). Sa paggamit ng modelong ito, nagkakaroon ng buhay at kulay ang pagtuturo ng araling panlipunan sa silid-aralan.

## II. MGA LAYUNIN

Sa pagtalakay sa aralin magagawa ng mga mag-aaral ang mga sumusunod:

1. masusuri ang dahilan at epekto ng migrasyon sa buhay ng mga Asyano sa loob at labas ng rehiyon;
2. masusuri ang kaugnayan at epekto ng mga *transnational crimes* sa kalagayang pulitikal, panlipunan at pang-ekonomiya sa Asya;
3. mapahahalagahan ang mga pagsisikap ng pamahalaan at ng mga mamamayan upang masugpo ang mga krimeng ito bunsod ng globalisasyon at urbanisasyon; at
4. maisasalooob ang kahalagahan ng pagsunod sa mga batas, tuntunin at patakaran ng mga bansa sa pagharap sa mga suliraning dulot ng migrasyon at mga *transnational crimes*.

## III. NILALAMAN

A. Paksa : Migrasyon at Suliranin ng *Transnational Crimes*

B. Mga Konsepto : migrasyon *transnational crimes*

krimen *drug trafficking*

kaguluhan *human trafficking*

C. Balangkas ng Aralin

Migrasyon at Suliranin ng *Transnational Crimes*

1. Migrasyon

*Push-Pull Factors* sa Migrasyon

Migrasyon Dulot ng Kaguluhan

Migrasyon Dulot ng Oportunidad Pang-ekonomiya

Epekto ng Migrasyon

2. Mga *Transnational Crime*

Kahulugan at Layunin ng *Transnational Crime*

*Human Trafficking*

*Money Laundering*

Terorismo

*Drug Trafficking*

*Maritime Piracy*

Solusyon sa mga *Transnational Crimes*

D. Babasahin: “Aralin 39: Migrasyon at Suliranin ng *Transnational Crimes*” ni  
Grace Estela C. Mateo. (Tingnan sa pahina 59).

E. Mga Kagamitan: Mapa ng Daigdig

Mapa ng Asya

Mga Larawan

#### **IV. PAMARAAN (Modelong Pagsusuring Panlipunan/*Social Analysis Model*)**

##### **Unang Araw**

##### **A. Paglalahad ng Isyu (*Presentation of the Issue*)**

1. Magpakita sa klase ng sumusunod na mga larawan ng migrasyon ng mga tao:

- mula sa lalawigan patungo sa mga lungsod o sentrong urban
- mula sa Pilipinas patungo sa ibang bansa.

**Itanong:** Ano ang nakikita ninyo sa mga larawan?

2. Hanapin sa mapa ng Pilipinas ang mga lugar kung saan naninirahan ang maraming tao.

**Itanong:** Bakit maraming tao ang naninirahan sa mga sentrong urban sa Pilipinas?

3. Magpakita sa klase ng mga larawan ng mga Pilipinong papunta sa ibang bansa.

**Itanong:** Bakit maraming mga Pilipino ang nagpupunta sa ibang bansa upang doon na manirahan?

4. Magpakita sa klase ng mga larawang nagpapakita ng:

- a) *mail order bride*
- b) *money laundering*
- c) terorismo
- d) pagtutulak ng ipinagbabawal na droga
- e) *maritime piracy*

**Itanong:**

- Ano ang nakikita ninyo sa mga larawan?
- Anu-ano ang mga suliraning ipinapakita ng mga larawan?
- Nangangailangan ba ang mga naturang suliranin ng solusyon? Bakit?

5. Isulat sa guhit bago ang bilang ang salitang tinutukoy sa bawat aytem sa ibaba. Hanapin ang sagot sa loob ng kahon.

Migrasyon	<i>Transnational crimes</i>
Krimen	<i>Piracy</i>
Terorismo	<i>Drug trafficking</i>

- \_\_\_\_\_ 1. Paggamit ng takot, pananakit at paninira
- \_\_\_\_\_ 2. Umaabot sa labas ng hanggahang nasyonal
- \_\_\_\_\_ 3. Paglipat at paninirahan sa ibang bansa o rehiyon
- \_\_\_\_\_ 4. Pagnenegosyo ng bawal na droga
- \_\_\_\_\_ 5. Kasalanan sa batas

6. Itanong sa klase:

Anu-anong mga isyu ang lumabas sa ating unang talakayan?

Sagot: Una ay migrasyon

Ikalawa ay *transnational crimes*

**B. Pagtukoy sa Isyu (*Identifying the Issue*)**

1. Ipakitang muli sa klase ang mga larawan tungkol sa paglipat ng mga tao sa ibang bansa o rehiyon upang doon manirahan.

Tanong : Anong isyu ang ipinapakita sa larawan?

Bakit patuloy ang migrasyon ng mga tao sa mga sentrong urban?

Bakit patuloy ang migrasyon ng mga tao sa ibang bansa?

2. Ipakita rin sa klase ang mga larawang nagpapakita ng mga krimeng nagaganap sa maraming bansa sa daigdig.

Itanong : 1) Bakit patuloy na nagaganap ang mga magkakatulad na krimen sa maraming bansa sa daigdig?

2) Anu-ano ang ugat ng mga naturang krimen?

3. Hatiin ang klase sa dalawang pangkat. Bigyan ng paksa ang bawat pangkat.

Pangkat A: Migrasyon

Pangkat B: Mga *Transnational Crimes*

4. Hatiin pa ang Pangkat A sa limang (5) pangkat at ang Pangkat B sa pitong (7) pangkat.
5. Gabayan ang bawat pangkat sa pagsasagawa ng mga sumusunod na gawain:


- a) pagtukoy sa isyu
- b) pagsagot sa mga gabay na tanong
- c) paggamit ng *graphic organizers*
- d) pagbuo ng ulat
- e) pagbahagi ng ulat sa klase

**C. Pagsusuri sa Isyu (*Analyzing the Issue*)**

1. Ibigay sa bawat pangkat ang mga gabay na tanong. (Magsisilbing gabay ang mga ito sa paghahanda ng ulat ng bawat pangkat.)
2. Narito ang format sa pagsusuri at pag-uulat.

**Unang Bahagi****Pangkat A: Migrasyon****Pangkat A-1: Kahulugan ng Migrasyon****Mga Tanong:**

- a) Ano ang migrasyon?
- b) Ano ang pangunahing katangian ng migrasyon?
- c) Anu-ano ang mga dahilan sa paglipat ng mga tao sa ibang lugar para doon manirahan?


**Presentasyon:** *Brainstorming***Graphic Organizer:** *Concept Maps* (Tanong 1)**Mungkahi:** Gumamit ng *graphic organizer* sa pagsagot sa ibang gabay na tanong.

**Pangkat A-2: Push-Pull Factors sa Migrasyon****Mga Tanong:**

- Paano nagsimula ang migrasyong Austronesian?
- Ano ang patuloy na nagaganap sa kasalukuyan sa Asya?
- Bakit dumadagsa ang mga tao sa kalunsuran ng Asya?
- Anu-ano ang mga *pull factors* na humihikayat sa mga mamamayang lumipat sa kalunsuran?
- Anu-ano ang mga *push factors* na nagtutulak sa mga mamamayang dumayo sa ibang lugar?
- Bakit naging tanyag ang mga Ilokano sa pandarayuhan? Saan-saan sila nandayuhan?
- Anu-ano ang dala ng mga mandarayuhan sa paglipat nila sa ibang lugar upang doon na manirahan?

**Presentasyon:** *Panel Discussion*

**Graphic Organizer:** *Flow Chart* (Tanong 1)



**Mungkahi:** Gumamit ng *graphic organizer* sa pagsagot ng ibang gabay na tanong.


**Pangkat A-3: Migrasyon Dulot ng Kaguluhan****Mga Tanong:**

- Bakit maraming mag-anak ang lumilipat sa ibang lugar, rehiyon o bansa?
- Sino ang mga *refugees*?

- c) Bakit libu-libong Afghan ang tumakas sa Afghanistan? Saan sila nandayuhan?
- d) Bakit libu-libong Vietnamese ang lumisan sa kanilang bansa? Saan sila nagtungo?
- e) Paano naaapektuhan ang mga katutubong mamamayan ng migrasyon ng iba pang dominanteng pangkat etniko sa kanilang lugar? Paano ito naganap sa Indonesia?
- f) Ano ang naging bunga ng pagdagsa ng mga migrante sa Kalimantan at West Papua?
- g) Ano ang kinahinatnan ng pagsakop ng China sa Tibet mula 1950? Nagdulot ba ito ng malaking suliranin? Bakit?

**Presentasyon:** *Sociodrama*

**Graphic Organizer:** *Ladder Web*



**Mungkahi:** Gumamit ng *graphic organizer* sa pagsagot ng ibang gabay na tanong.

#### **Pangkat A-4: Migrasyon Dulot ng Oportunidad Pang-ekonomiya**


##### **Mga Tanong:**

- a) Bakit nandarayuhan ang maraming mamamayan?
- b) Ano ang naganap sa China sa larangan ng migrasyon sa pagdaan ng panahon?
- c) Bakit milyun-milyong Pilipino ang nangibang bayan upang doon na manirahan? Saan-saang mga bansa sa Asya nagtungo ang mga mandarayuhan? Bakit?



**Presentasyon:** *Role Playing*

**Graphic Organizer:** *Semantic Web*



**Mungkahi:** Gumamit ng *graphic organizer* sa pagsagot ng ibang gabay na tanong.


#### **Pangkat A-5: Epekto ng Migrasyon**

**Mga Tanong:**

- Ano ang epekto ng migrasyon sa mga Asyanong manggagawa?
- Paano nakatutulong ang mga migranteng Pilipino at mga manggagawa sa ating bansa?
- Anu-ano ang mga di-magandang epekto ng migrasyon?

**Presentasyon:** *Simulation*

**Graphic Organizer:** *Hanging Plant Web*



### Ikalawang Bahagi

#### Pangkat B: *Mga Transnational Crime*


##### Pangkat B-1: *Mga Transnational Crime*

##### Mga Tanong:

- Bakit nagiging malaking isyu sa seguridad ng mga bansa ang pagkalat ng mga *transnational crime*?
- Ano ang *transnational crime*? Anu-ano ang mga katangian nito?
- Anu-ano ang malulubhang *transnational crimes*?
- Anu-ano ang mga layunin ng mga *transnational crimes*?
- Sinu-sino ang mga karaniwang biktima ng *transnational crimes*?

**Presentasyon:** *Lecturette*

**Graphic Organizer:** *Cluster Map*



**Mungkahi:** Gumamit ng ibang *graphic organizer* sa pagsagot ng ibang gabay na tanong.


### **Pangkat B-2: *Human Trafficking***

#### **Mga Tanong:**

- a) Ano ang *human trafficking*?
- b) Bakit may mga kaso ng *human trafficking* sa maraming bansa sa Asya? Magbigay ng mga halimbawa.
- c) Ano ang *mail-order bride*?
- d) Anu-ano ang negatibong epekto ng *human trafficking*?

**Presentasyon:** *Case Study*

**Graphic Organizer:** *Concept Map*



**Mungkahi:** Gumamit ng *graphic organizer* sa pagsagot ng ibang gabay na tanong.

### Pangkat B-3: *Money Laundering*

#### Mga Tanong:

- Ano ang *money laundering*?
- Paano nagaganap ang *money laundering*? Magbigay ng halimbawa.
- Ano ang *Financial Action Task Force (FATF) on Money Laundering*?  
Ano ang layon nito?
- Sinu-sinong pinuno ng Asya ang inakusahan ng pagnanakaw?

**Presentasyon:** *Roundtable Discussion*

**Graphic Organizer:** *Concept Map*



**Mungkahi:** Gumamit ng ibang *graphic organizer* sa pagsagot ng ibang gabay na tanong.

### Pangkat B-4: Terorismo

#### Mga Tanong:

- Ano ang terorismo?
- Anu-ano ang mga grupong terorista na naghahasik ng lagim sa iba-ibang bansa sa daigdig?
- Anu-ano ang kanilang isinusulong?
- Sino si Osama Bin Laden? o Muhammad Atef?
- Ano ang *Al Qaeda*? Ano ang layunin nito?

- f) Anu-ano ang mga kaalyansang Islamikong teroristang grupo ng *Al Qaeda*? Ibigay ang layunin ng bawat isa.
- g) Anu-ano ang mga kaganapan sa iba-ibang lugar sa mundo na bunga ng gawaing terorismo?

**Presentasyon:** *Role Playing*

**Graphic Organizer:** *Data Information Chart*

**Mga Grupong Kaalyansa ng *Al Qaeda***

Grupo	Layunin	Lugar
1. <i>Al Jihad</i>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Magluklok ng pamahalaang Islamiko sa Egypt</li> <li>• Mapaalis ang mga interes ng United States at Israel sa Egypt</li> </ul>	Egypt
2. <i>Hezbollah</i>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Pagtatatag ng pamahalaang Islamiko sa Lebanon</li> <li>• Pagbawi sa Jerusalem mula sa Israel</li> <li>• Paggapi sa Israel</li> </ul>	Lebanon
3. <i>Jemaah Islamiya</i>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Pagpapalawak ng estadong Islamiko sa rehiyon</li> <li>•</li> </ul>	Timog Silangang Asya
4. <i>Abu Sayyaf Group (ASG)</i>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Paghiwalay ng mga Muslim sa Mindanao sa pambansang pamahalaan ng Pilipinas</li> </ul>	Katimugang Pilipinas

**Mungkahi:** Gumamit ng ibang *graphic organizer* sa pagsagot sa ibang gabay na tanong.

**Pangkat B-5: Drug Trafficking**


**Mga Tanong:**

- a) Ano ang *drug trafficking*?
- b) Saan-saang mga lugar sa Asya talamak ang pagtutulak ng ipinagbabawal na droga?

- c) Malakihan ba ang negosyo ng droga sa Asya? Patunayan ang inyong sagot.
- d) Ano ang “*Golden Triangle*”? Saan matatagpuan ito?
- e) Anu-anong mga bansa sa Asya ang bantog na prodyuser ng droga?
- f) Bakit hinahayaan ng ilang bansa ang produksyon ng droga sa kanilang kapaligiran?

**Presentasyon:** *Brainstorming*

**Graphic Organizer:** *Hanging Plant Web*




**Mungkahi:** Gumamit ng ibang *graphic organizer* sa pagsagot ng ibang gabay na tanong.

### **Pangkat B-6: *Maritime Piracy***

#### **Mga Tanong:**

- a) Ano ang *maritime piracy*?
- b) Saan nagaganap ang *maritime piracy*?
- c) Bakit malala ang pamimirata sa Strait of Malacca?
- d) Anu-anong mga grupo ang inaakusan sa pamimirata sa Timog Silangang Asya?
- e) Saan-saan karaniwang nagaganap ang pamimirata?



**Mungkahi:** Gumamit ng ibang *graphic organizer* sa pagsagot ng ibang gabay na tanong.


**Pangkat B-7: Solusyon sa mga *Transnational Crimes***

**Mga Tanong:**

- a) Ano ang makapipigil sa iba't ibang *transnational crimes*?
- b) Anong hakbang ang isinagawa ng ASEAN sa paghanap ng solusyon sa mga nagaganap na *transnational crime*? ng United Nations?
- c) Nagkakaisa ba ang mga bansa sa daigdig sa layuning sugpuin ang mga *transnational crime*? Patunayan ang inyong sagot.

**Presentasyon:** *Panel Discussion*

**Graphic Organizer:** *Concept Map*



**Mungkahi:** Gumamit ng *graphic organizer* sa pagsagot ng ibang gabay na tanong.

3. Ipoproseso ng guro ang ulat ng bawat pangkat.

**D. Pagtatapos (Closure)**

1. Pagbahagi
  - a. Magbigay ng *lecturette* bilang dagdag na impormasyon tungkol sa migrasyon at suliranin ng “*Transnational Crimes.*” (Para sa guro)
  - b. Hayaan ang mga mag-aaral na magtanong tungkol sa *lecturette*.
2. **Pagpapahalaga.** Sagutin ang mga sumusunod:
  - a. Paano makatutulong ang mga mamamayan sa pagsugpo ng mga *transnational crimes*?

- b. Paano makatutulong ang pagkakaisa ng mga pamahalaang Asyano para masugpo ang *transnational crimes*?
3. Pagbubuod. Gabayan ang klase sa pagbubuod.
    - a. Ang urbanisasyon ay dulot ng malawakang migrasyon ng mga Asyano.
    - b. Ang migrasyon ay bunga ng mga *push at pull factor*.
    - c. Naging malaking suliranin ang pagkalat ng mga *transnational crimes* dahil sa globalisasyon.
    - d. Ang pagkalat ng *transnational crimes* ay banta sa seguridad ng Asya at ng mga Asyano.
    - e. Ang sama-samang pagkilos ng mga bansa sa Asya at daigdig ang tanging makapipigil sa paglaganap ng *transnational crimes*.

## V. TAKDANG ARALIN

1. Pumili ng isang *transnational crime*. Gumawa ng poster tungkol dito.
2. Ipaliwanag sa poster ang epekto o kaugnayan nito sa kalagayang pulitikal, panlipunan at pang-ekonomiya ng Asya.



### **BABASAHIN:**

### **MIGRASYON AT SULIRANIN NG TRANSNATIONAL CRIMES\***

Maraming mga mamamayan ang tumutungo sa mga lungsod at ang iba ay nangingibang bayan sa paniniwalang baka palarin sila at umunlad ang kanilang pamumuhay. Tatalakayin sa araling ito ang migrasyon bilang realidad sa buhay ng mga Asyano sa kasalukuyan. Isa pang realidad na tatalakayin dito ay ang banta ng mga transnational crimes, sa seguridad ng mga Asyano.

\* Kinuha sa Kabihasnang Asyano : Kasaysayan at Kultura nina Grace Estela Mateo, et al. Quezon City: Vibal Publishing House, Inc. 2005, pp. 446-459.



## Migrasyon

Ang migrasyon o pandarayuhan ay isang proseso ng paglipat ng tirahan mula sa isang rehiyon patungo sa isa pang rehiyon o lungsod. Maaari rin itong paglipat mula sa isang bansa patungo sa ibang bansa. Pangunahing katangian ng migrasyon ang pagiging isang permanenteng paglilipat ng mga tao. Ito ay bunsod ng iba't ibang mga salik na nagpapaalis sa kanila sa dati nilang tirahan o nang-aakit sa kanila sa panibagong tirahan. Tinawag itong mga *push-pull factors* sa migrasyon.

### ***Push-Pull Factors* sa Migrasyon**

Sa kasaysayan, malaking bahagdan ng mga lugar sa Asya at maging sa daigdig ay nagkaroon ng tao dahil sa migrasyon. Halimbawa ay ang migrasyong Austronesian simula noong 4500 B.C. Ayon sa iskolar na si Peter Bellwood, ito ay nagmula sa katimugang bahagi ng China at kumalat sa buong insular na bahagi ng Timog Silangang Asya hanggang sa mga isla sa Pacific Ocean na tinatawag na *Pacific Islands*. Sinasabing ang migrasyong ito ay dahil sa kahirapan sa kalagayang pang-ekonomiya sa bahaging ito ng China.

Sa kasalukuyan, isa sa katangian ng Asya ay ang patuloy na migrasyon. Ang pagdagsa ng mga tao sa kalunsuran mula sa mga pamayanan sa lalawigan ay isang matingkad na halimbawa ng migrasyon. Kadalasan, ang nagtutulak sa kanila upang lumipat at magsumiksik sa mga lungsod ay ang paniniwalang maraming oportunidad pangkabuhayan sa kalunsuran. Diumano, sila ay agarang makakahanap ng trabaho at bubuti ang pamumuhay ng kanilang pamilya. Marami rin ang nangangarap na makarating sa lungsod sa paniniwalang masaya ang buhay rito dahil sa ito nga ang sentro ng mga kaganapan sa pulitika, ekonomiya at kultura. Pawang mga *pull factors* ito o mga positibong salik na humihikayat sa mga mamamayang lumipat sa kalunsuran.

Subalit para sa iba, ang paglipat sa lungsod ay bunsod din ng kalunus-lunos na pamumuhay sa mga lalawigan. Ilan sa halimbawa ng mga *push factors* o mga negatibong salik na tumutulak sa mga mamamayang mandayuhan ay ang kakulangan ng mga likas na yaman at mga oportunidad pangkabuhayan sa dati nilang tirahan. Para sa iba, ang paglipat ng tirahan ay maaari ring dahil sa nag-uumapaw na dami ng mamamayan sa kanilang rehiyon.

Sa kasaysayan ng Pilipinas, tanyag ang mga Ilokano sa ginawa nilang paglisan sa Ilocos simula noong ika-19 na siglo dahil sa suliranin sa malaking populasyon at kakulangan ng oportunidad pang-ekonomiya. Pinananahanan ng libu-libong Ilocano ang mga karatig lalawigan ng Pangasinan, Abra, Cagayan at Isabela, gayundin ang kapatagang lalawigan ng Nueva Ecija at Tarlac sa Gitnang Luzon at maging hanggang Mindanao. Nang lumaon, libu-libong Ilokano ang nangibang-bansa at tumungo sa United States upang magtrabaho sa plantasyon ng pinya at asukal sa Hawaii at sa mga taniman ng gulay at prutas sa California. Sa paglipat nila ng permanenteng tirahan, dala nila ang kanilang wika, kultura at kaugalian na kumalat din sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas at sa mga estado ng United States.

### **Migrasyon Dulot ng Kaguluhan**

Sa kasalukuyan, marami rin ang lumilipat sa ibang lugar, rehiyon, o bansa upang matakasan ang militarisasyon o digmaan at kaguluhan sa kanilang lugar. Ang kaguluhan ay karaniwan sa pagitan ng mga nagtutunggaliang military at mga nagrerebeldeng grupo o mga pangkat-etniko na lumalaban sa pamahalaan. Sila ay lumilisan sa kanilang lugar at nawawalan ng tirahan at kabuhayan. Tinatawag silang mga *refugee* o mga taong tumatakas sa kaguluhan upang humanap ng kanlungan sa ibang lugar.

Ganito ang naganap sa libu-libong Afghan na tumakas sa Afghanistan dahil sa malupit na pamamahala ng mga Taliban. Nagkaroon ng isang digmaang sibil sa Afghanistan sa pagitan ng rehimeng ito at mga grupong lumaban dito na suportado ng mga Amerikano. Maraming Afghan ang tumakas patungo sa mga karatig bansa ng Tajikistan, Turkmenistan at Kyrgyzstan. Bagamat nagbago na ang pamahalaan sa Afghanistan, marami ang hindi na nakabalik sa kanilang bansa. Nagsilikas sila bilang mga *refugee*. Marami sa mga *refugee* sa tatlong bansang nabanggit ang tinanggap ng Canada upang doon na manirahan nang permanente.

Isa pang halimbawa ay ang libu-libong Vietnamese na lumisan ng kanilang bansa sa kasagsagan ng Digmaang Vietnam. Noong dekada 1950 hanggang 1970, hati ang Vietnam sa hilaga at timog na bahagi. Maraming Vietnamese sa timog na bahagi ang lumisan sa kanilang bayan bilang mga *refugee*. Ito ay naganap matapos ang tunggalian ng mga komunistang Vietnamese sa hilagang bahagi at mga Vietnamese sa timog na bahagi na suportado ng mga Amerikano. Ang karamihan sa mga Vietnamese *refugee* ay nagsilikas sa ibang mga bansa sa Timog Silangang

Asya tulad ng Thailand at Pilipinas. Sa ngayon, malaki ang pamayanan ng Vietnamese sa Palawan. Bagamat marami na ang nanahanan sa Thailand at Pilipinas marami pa rin ang tinanggap ng United States para mamuhay roon.

Marami sa mga katutubong mamamayan ang apektado rin ng migrasyon ng iba pang dominanteng pangkat-etniko sa kanilang lugar. Sa kaso ng Indonesia, naging patakaran ng pamahalaan nito ang paghihikayat sa mga mamamayang nakatira sa mga isla ng Java, Madura at Bali na lumipat ng tirahan sa Kalimantan at West Papua. Ang mga katutubong mamamayan ng dalawang lalawigan ito ay naghahangad na humiwalay sa Indonesia. Tinatayang tatlong milyong Indonesian na ang mga migrante, kayat magiging minorya na lamang ang mga katutubo sa mga lalawigan ito. Samakatwid, hihina ang hangarin ng mga lalawigan ito na humiwalay sa Indonesia. Ang pagdagsa ng mga migrante sa Kalimantan at West Papua ay lumikha ng suliranin sa kabuhayan. Lumala ito sa dahilang ang mga lugar na ito ay sumasailalim din sa militarisasyon.

Ganito rin ang ginawa ng China nang kanyang sakupin ang Tibet noong 1950. Hinikayat ng pamahalaan ang mga Tsino na lumipat ng tirahan sa Tibet. Hangad ng pamahalaan na sa pagdami ng populasyong Tsino sa Tibet, magiging minorya ang mga Tibetan sa kanilang bayan. Hihina ang kilusan ng mga Tibetan na humihingi ng kalayaan. Ang migrasyon ng mga Tsino sa Tibet ay nagdulot ng suliraning etniko sa Tibet dahil marami sa kanilang mga lupain ang napasakamay ng mga Tsino. Patuloy ang paglaban ng mga Tibetan para makamtang muli ang kanilang kalayaan.

### **Migrasyon Dulot ng Oportunidad Pang-ekonomiya**

Sa ngayon, ang mga popular na anyo ng migrasyon ay ang paglipat ng mga Asyano sa iba't ibang panig ng kanilang bansa, ng Asya at maging ng daigdig. Sa China, tinatayang 114 milyong Tsino ang lumipat mula sa mga pamayanan sa kanayunan at tumungo sa mga lungsod upang magtrabaho. Sa taong 2020, tinatayang aabot ito sa 300 milyong Tsino. Sa ngayon, ang Shanghai ay tumanggap na ng karagdagang tatlong milyong migranteng Tsino mula sa ibang mga rehiyon at lalawigan. Marami sa mga migranteng manggagawang ito ay humaharap sa mga suliranin tulad ng kakulangan ng tirahan at lugar sa paaralan para sa kanilang mga anak.

Marami ring mga Tsino ang nangibang bayan. Simula lamang noong 1980, may 600,000 Tsino na ang tumungo sa United States at iba pang bansang Kanluranin upang mag-aral. Sa kabuuang bilang na ito, 75% sa kanila ang nananatili pa sa mga bansang ito at inaasahang malaking bahagdan dito ay malamang hindi na bumalik sa China.

Sa kaso ng Pilipinas, milyun-milyong Pilipino ang nangingibang bayan upang magtrabaho. Tinawag na *Overseas Filipino Worker* o OFW, marami sa kanila ay mga propesyonal. Nang lumaon, sila ay permanenteng nanirahan sa United States, Canada, Australia, United Kingdom at iba pang bansa. Sila ay karaniwang nagtatrabaho bilang mga nars, physical therapist, engineer at iba pa.

Mayroon din namang OFW na may iba't ibang kasanayang nagtatrabaho sa iba't ibang bansa gaya ng Japan, Singapore, Brunei, Saudi Arabia, Israel, United Arab Emirates, Italy at iba pa. Ang Hong Kong at Taiwan ay puntahan ng mga manggagawa mula sa iba't ibang bahagi ng Asya, kabilang ang Pilipinas. Tinatayang may 300,000 Asyanong manggagawa ang nagtatrabaho nang legal sa Taiwan. Tataas pa ang bilang na ito kung isasama ang mga ilegal na nagtatrabaho rito. Karamihan sa kanila ay nagtatrabaho sa mga pagawaang industriyal. Samantala, sa Hong Kong, karamihan sa mga Asyanong nagtatrabaho rito ay mga katulong sa bahay.

Sa Japan, tinatayang 760,000 ang bilang ng mga dayuhang manggagawa. Sa kasalukuyan, nag-uusap ang Pilipinas at Japan sa posibilidad ng pag-angkat ng mga Pilipinong nars upang magtrabaho sa mga ospital sa Japan. Sa Malaysia, may 1.3 milyon ang legal na dayuhang manggagawa at 66% nito ay mga Indonesian. Sa mga taong 2004-2005, binalak ng Malaysia na pabalikin ang 700,000 na mga manggagawang Indonesian na karamihan ay pawang nagtatrabaho sa ibang bansa. Karamihan sa kanila ay nasa Malaysia at sa mayayamang bansa sa Kanlurang Asya.

### **Epekto ng Migrasyon**

Malaki ang epekto ng mga migrasyon at pangingibang bansa ng mga Asyanong manggagawa. Una sa lahat, nagkakatrabaho sila. Kung sila ay nanatili sa kanilang bansa, malamang ay wala silang trabaho o hindi sapat ang kanilang kita. Malaki ang salaping ipinadadala sa kanilang mga pamilya. Ito ay nakatutulong upang

matustusan ang pangangailangan ng kanilang mga kaanak. Bukod dito, ang kanilang padala ay nakatutulong nang malaki sa pag-angat ng kalagayang pang-ekonomiya ng kanilang mga bansa. Sa Pilipinas, napakahalaga ng perang padala ng mga migrante at manggagawang Pilipino sa iba't ibang panig ng daigdig. Samantala, tinatayang may US\$8 bilyon ang kanilang ibinabalik sa Pilipinas bilang mga *remittance* o padala sa kanilang mga kamag-anak. Sa pangingibang bayan ng mga Asyano, naikakalat din ang kanilang kultura sa iba pang panig ng Asya at ng daigdig.

Subalit mayroon ding mga hindi kaaya-ayang bunga ang mga migrasyon at pangingibang bayan ng mga manggagawang Asyano. Nagkaka-hiwa-hiwalay ang mga pamilya. Lumalaki ang mga anak nang walang sapat na patnubay ng magulang. May mga anak ding napapabayaang ang kanilang pag-aaral, napapariwara at nalululong sa iba't ibang bisyo. Sinasabing nasisira rin ang pundasyon ng pamilya sa kadahilanang may mga naiiwang asawang natutukso at nagtataksil sa kanilang asawang nasa ibang bansa. Gayunpaman, ang migrasyon tulad ng urbanisasyon ay realidad sa maraming lipunang Asyano.

### **Mga *Transnational Crime***

Ang penomena ng migrasyon sa loob at labas ng Asya sa kasalukuyan ay dala na rin ng globalisasyon. Bunsod din ng globalisasyon ang pagkakaroon ng mga tinatawag na *transnational crimes*. Ang mga ekonomiya ng mga bansa ay magkakaugnay. Dahil unti-unting inaalal ang mga taripa at iba pang mga hadlang sa pandaigdigang kalakalan, dumadali ang pagpasok ng puhunan sa mga bansa. Dumaragsa rin ang mga migrante at iba pang manggagawang nagpapaunlad sa lokal na ekonomiya. Subalit sa kabilang dako, nagiging isang malaking isyu ang seguridad ng mga bansa at ang pagkalat ng mga *transnational crimes*.

### **Kahulugan at Layunin ng *Transnational Crimes***

Ang mga *transnational crime* ay mga seryosong krimen na isinasagawa ng isang organisadong grupong kriminal na may layuning magkamal ng salapi. May ilang mga katangian ang mga *transnational crime*:

- Karaniwang ang krimen ay nagaganap sa dalawa o higit pang mga bansa;
- Ang mga kriminal ay mga mamamayan ng dalawa o higit pang bansa;

- Ang krimen ay isinagawa sa isang bansa subalit ang biktima ay mamamayan ng ibang bansa; at
- Ang krimeng naganap sa isang bansa ay kadalasang binalak naman sa iba pang mga bansa.

Nangangahulugang ito na ang mga *transnational crime* ay nagaganap sa iba't ibang mga bansa at kinasasangkutan o nakaaapekto sa mga mamamayan din ng iba't ibang mga bansa.

Itinuturing na lima sa mga *transnational crime* na ito ay napakalubha. Una, ang *human trafficking* o pagkakalakal sa pamamaraang legal o ilegal ng mga tao, partikular ng mga kabataan at kababaihan sa ibang bansa nang walang kapahintulutan ng mga biktima. Karaniwan itong kinakikitaan ng paggamit ng dahas, pananakot, at pang-aalipin. Ikalawa, ang *money laundering* o paglalagak ng salapi sa mga bangko sa ibang mga bansa upang itago ang ilegal na pinagmulan ng salaping ito. Ikatlo, ang *terorismo* o ang sadyang paggamit ng dahas at pananakot upang makapaghasik ng takot sa mamamayan at pilitin ang estadong sumunod sa hangaring pulitikal ng mga kriminal. Ikaapat, ang *drug trafficking* o pagtatanim, paggawa at pagtutulak ng mga pinagbabawal na gamot, droga at narkotiko. Ikalima, *maritime piracy* o ang pamimirata kung saan ang isang sasakyang pandagat ay sapilitang isinasailalim sa karahasan ang kanyang mga pasahero o *crew* sa gitna ng karagatan at sa labas ng hurisdiksyon ng estado.

Karaniwang layunin sa *transnational crimes* ang magkamal ng salapi. Subalit sa kaso ng terorismo, kadalasang ito ay resulta ng mga sigalot pampulitika, pang-ekonomiya at pangkultura. Upang malutas ang paglaganap ng mga *transnational crime*, kailangang matugunan ang ugat ng mga suliraning ito. Kadalasang ito ay bunga ng kahirapan o kaya naman ay dahil sa kawalan ng pagkakasundo ng magkakaibang ideolohiya, kultura o relihiyon. Halimbawa, ang mga karaniwang biktima ng *human trafficking* ay ang mahihirap.

### ***Human Trafficking***

Ayon sa *United Nations International Children's Educational Fund* (UNICEF), maraming mga batang babae sa kanayunan ng Indonesia ang nagiging biktima ng *human trafficking* patungong Malaysia. Karaniwang ito ay may pahintulot ng mga magulang na pinangakuan ng mga *recruiter* ng mataas na sweldo.

May mga kababaihang Thai ang dinadala rin sa United States upang doon diumano magtrabaho sa tinatawag na *sex o entertainment industry*. Sa kalaunan ay ginagawa silang aliping nagkakaloob ng serbisyong sekswal.

Isa pang halimbawa ng *human trafficking* ay ang mga *mail-order bride* o ang pagpapadala ng mga babae sa ibang bansa, karamihan sa Europa, upang maging asawa ng mga lalaking naghahanap ng mapapangasawa. Sa dahilang hindi naman nila talaga nakilala ang kanilang napangasawa, marami sa mga babaing ito ay dumaranas ng hirap at dahas sa kamay ng kanilang mga asawa.

### ***Money Laundering***

Sa sistemang *money laundering*, ang salaping nagmula sa ilegal o kriminal na gawain, tulad ng pagnanakaw sa kabang-yaman ng isang bansa, ay inilalagak sa mga bangko sa ibang bansa. Ito ay upang itago ang maruming pinagmulan nito. Sinasabing sa *money laundering*, ang *dirty money* ay ginagawang *clean money* sa dahilang ang nailagak na salapi sa mga bangko sa ibang bansa ay mistulang magmumukhang malinis na salaping maaaring gamiting puhunan o pondo sa mga legal na transaksyon.

May mga pinuno ng pamahalaan sa Asya ang inakusahan ng pagnanakaw sa kabang-yaman ng kanilang bansa. Isa sa pamamaraan ng kanilang pagnanakaw ay sa pamamagitan ng *money laundering*. Kabilang dito ang mga diktador na sina Ferdinand Marcos ng Pilipinas at si Raden Suharto ng Indonesia. Si Marcos ay tinatayang nangamkam ng mga US\$10 hanggang US\$20 bilyon mula sa kaban ng bayan sa loob ng 21 taon niyang panunungkulan. Samantala, si Suharto ng Indonesia ang nailathala bilang nangunguna sa laki ng kinamkam na salaping umaabot sa US\$40 bilyon.

Subalit hindi lamang mga diktador ang naglalagak ng pera sa ibang bansa sa pamamagitan ng *money laundering*. Ang *Financial Action Task Force (FATF)* on *Money Laundering* ay naglalayong pigilan at kontrahin ang paggamit ng sistemang pananalapi ng mga kriminal. Bunsod ng pag-atake ng mga terorista sa United States noong Setyembre 11, 2001, nagtuon ng pansin ang FATF na kalabanin ang malawakang pagpopondo ng terorismo. Sinasabing sa pamamagitan ng *money laundering*, maraming mga teroristang grupo ang nagkakaroon ng pondo para sa kanilang isinasagawang karahasan.

## Terorismo

Anu-ano nga ba ang grupo ng mga teroristang inaakusahang naghahasik ng lagim sa iba't ibang panig ng daigdig? Marami sa mga grupong teroristang ito ay kumikilos sa Asya kung kaya't isa ito sa pinakamalubhang suliranin ng Asya sa kasalukuyan. Marami sa mga pangkat na ito ay mga radikal o *fundamentalist* na grupong Islamiko na nagsusulong ng kanilang layuning pampolitika laban sa United States at mga kaalyado nitong bansa. Nangunguna rito ang *Al Qaeda* na pinamumunuan ni Osama Bin Laden. Binuo noong 1989 ni Osama Bin Laden at Muhammad Atef ang *Al Qaeda*. Naglalayon itong kalabanin sa pamamagitan ng paggamit ng dahas ang United States at iba pang di-Islamikong bansang pinaniniwalaan nilang kalaban ng relihiyong Islam.

Sinasabing nakaalyansa sa *Al Qaeda* ang iba pang mga Islamikong teroristang grupo tulad ng *Al Jihad* na nakabase sa Egypt. Sinasabing ang layunin ng *Al Jihad* ay magluklok ng pamahalaang Islamiko sa Egypt at mapaalis dito ang mga interes ng United States at Israel. Ang *Hezbollah* sa Lebanon ay nabuo noong 1982 nang lusubin ng Israel ang Lebanon. Layunin ng *Hezbollah* ang pagtatatag ng pamahalaang Islamiko sa Lebanon, ang pagbawi sa Jerusalem mula sa Israel at ang tuluyang paggapi sa Israel. Konektado rin sa *Al Qaeda* ang kinikilalang pinakamalaking grupong terorista sa Timog Silangang Asya, ang *Jemaah Islamiyah*. Hangad daw nitong palawakin ang pagkakaroon ng estadong Islamiko sa buong rehiyon. Sa Pilipinas, ang *Abu Sayyaf Group* (ASG) ay naghahasik ng lagim sa katimugan ng Pilipinas upang isulong ang kanilang layuning humiwalay ang mga Muslim sa Mindanao.

Kung mapapansin, marami sa mga binansagang terorista ay mga radikal na grupong Muslim. Nakaakibat sa terorismo ang isyu ng magkaiba at nagtutunggaliang relihiyon, isang suliraning nag-uugat sa sinaunang panahon pa ng kasaysayan ng daigdig. Naging komplikado ang sigalot sa dahilang marami sa mga bansang Kanluranin ang naging imperyalista at nanakop ng mga bansa sa Asya sa nakaraan ding panahon. Kaya naman, magkaiba ang antas ng kaunlarang pang-ekonomiya ng mga bansang Kanluranin at ng maraming bansa sa Asya. Sa pananaw ng mga radikal na grupong Muslim, malaki ang kasalanan ng mga Kanluranin sa kanila, lalo na ang United States. Subalit sa kanilang paghahasik ng lagim, marami sa mga Asyano ang nadadawit din. Halimbawa ay ang ginawa nilang pagbomba sa Bali,



isang isla sa Indonesia na karaniwang puntahan ng mga Kanluraning bakasyonista. Marami ang nasawi sa pagbobombang ito. Gayunpaman, dapat tandaan na ang mga radikal na grupong ito ay mga minorya lamang. Ang nakararaming bilang ng mga Muslim ay namumuhay nang mapayapa.

### ***Drug Trafficking***

Sa kontinente ng Asya matatagpuan ang mga pinakatalamak na lugar pagdating sa pagtutulak ng ipinagbabawal na droga. Ang Afghanistan at Myanmar ang kinikilalang nangunguna at pumapangalawang pinagmumulan ng ilegal na droga at narkotiko sa buong daigdig. Sa kabuuan, tinatayang may \$450 hanggang \$700 bilyon ang kalakal sa ilegal na droga taun-taon.

Isa sa pinakamalaking prodyuser ng opyo ay ang *Golden Triangle*, isang rehiyon sa Timog Silangang Asya na binubuo ng silangang kabundukan ng Myanmar at hilagang kabundukan ng Thailand at Laos. Ang mga bundok na ito ay tirahan ng mga pangkat-etnikong naninirahan sa bundok tulad ng Shan ng Myanmar at mga Hmong, Yu, Lahu at Lisu ng Laos. Malawakan ang taniman ng opyo rito at sinusuplayan nito ang pamilihan ng Asya, Europe at United States. Noong taong 2000, ang Myanmar ay naitala bilang pangalawang pinakamalaking pinagkukunan ng opyo kasunod ng Afghanistan. Tinatayang 1,000 hanggang 1,100 toneladang opyo ang nagmumula rito taun-taon. Samantala, pangatlo ang Laos na umaani ng 140 hanggang 160 toneladang opyo bawat taon. May mga akusasyong tumatanggap ng porsyento ng kita ang militar sa Myanmar kung kaya't hinahayaan nilang magpatuloy ang pagtatanim at pagkakalakal sa *Golden Triangle*. Kumplikado ang suliranin sa dahilang nangungulekta rin daw ng 10% ang mga Shan mula sa mga nagtatanim ng opyo at nangangalakal nito. Ginagamit nila ang salapi upang pondohan ang kanilang pakikipaglaban sa pamahalaan ng Myanmar upang sila ay makapagtatag ng hiwalay na estado ng Shan.

### ***Piracy***

Dumami ang mga insidente ng *piracy* simula noong dekada 1990. Naapektuhan na ng *piracy* ang kalakalang pandagat ng mga bansa sa Timog Silangang Asya at iba pang bahagi ng Asya. Problema ang pamimirata sa Strait of Malacca kung saan tinatayang 42% ng pamimirata noong 2003 ay naganap dito. Ito ay sa kadahilanang ang katubigan dito ay napapalibutan ng Malaysia, Singapore at

Indonesia kung kaya't kailangan ng kooperasyon ng mga pwersang pandagat ng tatlong bansa upang epektibong labanan ang mga pamimirata.

Ang Indonesia ay itinuturing na bansang may pinakamaraming insidente ng pamimirata. Noong taong 2000, nakaranas ang Indonesia ng 90 pag-atake ng mga pirata sa mga barkong naglalayag sa kanyang katubigan. Ang karagatan ng Sulawesi sa Indonesia at Sulu sa Pilipinas ay karaniwan ding pinapatrulya ng mga pirata. Bahagi ng salaping kinikita sa pamimirata sa Sulu ay ginagamit diumano ng mga rebeldeng grupo upang suportahan ang kanilang pakikipaglaban sa pamahalaan ng Pilipinas.

Mahirap lutasin ang problema ng pamimirata. Ayon sa *International Maritime Bureau*, isang kagawarang nagmamatyag sa pamimirata, maging ang may-ari ng mga barko ay kadalasang hindi sinusumbong ang mga pag-atake sa kanila. Ito raw ay upang huwag tumaas ang ibinabayad nilang *insurance* at huwag masangkot sa mahabang imbestigasyon.

Sa kasalukuyan, lumalala ang problema ng pamimirata sa dahilang marami sa mga grupong terorista ay nagsasagawa na rin nito upang makalikom ng pondo. Ayon sa pamahalaang Indonesia, ang *Jemaah Islamiyah* ay umaming sila'y nagplanong salakayin ang mga barkong pumapalaot sa Strait of Malacca. Maging ang *Abu Sayyaf* ay pinaniwalaang siyang dahilan sa naganap na pambobomba sa barkong *Superferry* sa Pilipinas noong 2004 na nagresulta sa pagkamatay ng 100 katao.

### **Solusyon sa mga *Transnational Crime***

Tanging kooperasyon at sama-samang pagkilos ng mga bansa sa Asya ang makapipigil sa iba't ibang *transnational crimes*. Ang *Association of Southeast Asian Nations* (ASEAN) ay bumuo ng isang *Plan of Action to Combat Transnational Crimes*. Nangako ang mga kasaping bansa ng kooperasyon upang kalabanin ang mga pwersang naghahasik ng lagim at karahasan. Kaugnay nito, nagkasundo silang magpapalitan ng mga kaalaman at *intelligence report* upang maisulong ang seguridad ng rehiyon. Ang mga bansa sa daigdig ay nagkakaisa rin sa layuning sugpuin ang mga *transnational crime*. Binuo ang *United Nations Convention on Transnational Organized Crimes*. Binibigyang-tuon nito ang pagsasawata sa mga

*transnational crimes* at ang pagpapataw ng karampatang mabigat na parusa sa mga krimeng ito.



### SCQ 3.2

**Direksyon:** Sagutin ang sumusunod na mga tanong:

1. Ano ang *social analysis model*? (2 puntos)
2. Kailan magagamit ang *social analysis model* sa pagtuturo? (2 puntos)
3. Anu-ano ang hakbang sa pagtuturo ng *social analysis model*? (4 puntos)



### GAWAIN 3.3: Praktikum

**Direksyon:** Sagutin ang sumusunod na mga tanong:


1. Magbigay ng pakitang-turo na ginagamit ang alinman sa dalawang modelong banghay-aralin sa Aralin 3. (10 puntos)
2. Gamitin ang *observation sheet* sa pahina 89-90 sa pagtaya sa pakitang-turo.

# ARALIN 4

## *ANG ARALING PANLIPUNAN BILANG CORE NG MAKABAYAN*

### I. INTRODUKSYON

Isa sa mga inobasyon ng 2002 *Basic Education Curriculum* ay ang pagkakabuo ng *Makabayan* bilang ikalimang saklaw na aralin (*learning area*) sa mababa at mataas na paaralan. Sa mababang paaralan nabubuo ito ng mga komponente tulad ng Sibika at Kultura (SK)/Heograpiya, Kasaysayan at Sibika (HKS); Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan (EPP); Musika, Sining at Edukasyon sa Pagpapalakas ng Katawan (MSEP); at Edukasyon sa Kagandahang Asal at Wastong Pag-uugali (EKAWP). Sa kabilang dako, ang Makabayan sa mataas na paaralan ay nabubuo ang Araling Panlipunan (AP), Edukasyon sa Pagpapahalaga (EP); *Technology and Livelihood Education* (TLE); at *Music, Arts, Physical Education and Health* (MAPEH). Sa pamamagitan ng pagtuturong tematiko (*thematic teaching*) ang guro ay nakabubuo ng mga araling integratibo at interaktibo. Sa ganitong paraan ang aralin na hango sa isang disiplina ay nakababagtas sa ibang kaugnay na disiplina. Lahat ng mga ito ay mapag-aaralan sa **Aralin 4**.



### II. MGA LAYUNIN

Ang mga guro sa pag-aaral ng **Aralin 4** ay:

1. makapagsusuri ng rasyonal sa pagbuo ng **Makabayan** bilang ikalimang saklaw na aralin sa batayang edukasyon;
2. magkakaroon ng kasanayan sa pagpili ng tema para sa isang yunit ng instruksyon;

3. makapagpapaliwanag ng paraan ng pagbuo ng *team* o pangkat ng mga gurong nagtuturo ng alinman sa mga komponente ng Makabayan; at
4. makasulat ng isang banghay-aralin tungkol sa yunit tematiko na ginagamitan ng mga prosesong integratibo at interaktibo.

Pag-aaralan mo ngayon ang modelong yunit tematiko (*model thematic unit*) sa ibaba na magsisilbing gabay sa pagsulat ng iyong napiling tema para sa pagbuo ng araling ang *core* ng instruksyon ay ang Araling Panlipunan/Heograpiya, Kasaysayan at Sibika/Sibika at Kultura. Sa iyong pagsusuri ng yunit tematiko mapapansing integrado ang Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapahalaga, Technology and Livelihood Education (TLE), Musika at Sining. Mapapansin mo ring hinango ang mga aralin sa *Learning Competencies ng 2002 Basic Education Curriculum*. Ang integrasyon ng mga magkakaugnay na paksang-aralin buhat sa mga komponente ng Makabayan ang nagbigay buhay at kulay sa yunit ng instruksyon.

*Narito na ngayon ang modelong banghay-aralin para sa Makabayan. Pag-aralan mong isa-isa ang proseso ng pagbagtas ng mga aralin sa ibang saklaw na aralin sa pagtuturong tematiko (thematic teaching)*

**MODELONG YUNIT TEMATIKO PARA SA MAKABAYAN I  
TEMA: ANG PAMBANSANG TERITORYO NG PILIPINAS  
INTEGRADO ANG AP, TLE, EP, MUSIKA AT SINING  
(APAT NA ARAW)  
UNANG TAON**

nina  
Lydia N. Agno at Edna Aurora C. Culig  
Unibersidad ng Pilipinas

## **I. Mga Layunin**

### **A. Araling Panlipunan (AP)**

1. Nasusuri ang mga katangiang pisikal ng Pilipinas tulad ng lokasyon, hugis, at sukat ng kapuluan;
2. Nasasabi ang tiyak at relatibong lokasyon ng Pilipinas;

3. Naituturo sa mapa ang mga hangganan ng pambansang teritoryo ng Pilipinas ayon sa Saligang Batas 1987;
4. Natatalakay ang iba pang batayang nagtatakda sa pambansang teritoryo ng Pilipinas; at
5. Napapatunayang ang teritoryo ng Pilipinas ay lumawak bunga ng mga batas at kasunduang pinagtibay.

#### **B. Edukasyong Pagpapahalaga (EP)**

6. Naipahahayag kung paano nalilinang ang pagpapahalaga sa teritoryo ng Pilipinas; at
7. Nasasabi kung paano mabibigyang proteksyon ang teritoryo ng Pilipinas.

#### **C. Technology and Livelihood Education (TLE)**

8. Natatalakay ang kahalagahan ng tubig na nakapaligid sa kapuluan ng Pilipinas;
9. Natatalakay ang kahalagahan ng baybaying-dagat sa pangingisda; at
10. Napapahalagahan ang isda bilang pagkain ng mga Pilipino.

#### **D. Musika**

11. Naipamamalas ang pag-unawa at pagdama sa tunog ng himig na pinakikinggan;
12. Nakikilala ang mga simbolo ng musika sa haba, tinig, tiempo, daynamiko, at artikulasyon; at
13. Nakasusunod sa iskor at naaawit ang ilang katutubong himig na nasa **mayor, menor** at iba pang moda.

#### **E. Sining**

14. Naipaliliwanag ang kahulugan ng sining at kung paano inilalarawan ang mga halimbawa mula sa sining ng sariling pamayanan; at
15. Natutukoy at naipaliliwanag kung ano at paano ginagamit ang iba't ibang elemento ng sining tulad ng guhit, anyo at hugis ng isang kapuluan.

## II. Nilalaman

### A. Tema: Ang Pambansang Teritoryo ng Pilipinas

### B. Mga Paksa

- Ang Teritoryo ng Pilipinas (AP)
- Pangangalaga at Pagbibigay Proteksyon sa Teritoryo ng Pilipinas (EP)
- Panghuhuli ng Isda sa Karagatan (TLE)
- Pag-unawa at Pagdama sa Tunog at Himig na Pinakikinggan (*Musika*)
- Pagsunod sa katutubong Himig na nasa **Mayor, Menor** at iba pang Moda (*Musika*)
- Paggamit sa mga Elemento ng Sining tulad ng Guhit, Anyo at Hugis ng Kapuluan (*Sining*)

### C. Babasahin

- “Ang Pambansang *Teritoryo ng Pilipinas*” ni Lydia N. Agno

### D. Balangkas ng Aralin

1. Lokasyon at Sukat ng Pilipinas
2. Likas na Hangganan ng Pilipinas
3. Kasunduan ng Estados Unidos at Espanya
4. Kasunduan ng Estados Unidos at Gran Britanya
5. Saligang Batas ng 1935
6. Saligang Batas ng 1973
7. Saligang Batas ng 1987
8. Pampanguluhang Batas Blg. 1596

### E. Mga Kagamitan

- Mga Larawan
- Mga *Graphic organizers*
- Mapa ng Pilipinas
- Mapa ng Daigdig

## III. Pamaraan (*ACES Teaching Approach*)

### Unang Araw

#### A. *Activities* (Mga Panimulang Gawain)

1. Patayuin ang mga mag-aaral sa klase. Awitin ang “*Lupang Hinirang*,” ang Pambansang Awit ng Pilipinas.
2. Paupuin ang mga mag-aaral. Itanong sa klase ang mga sumusunod:
  - a. Anu-ano ang isinasaad sa pambansang awit tungkol sa Pilipinas?
  - b. Saan matatagpuan ang ating bansa?
  - c. Bakit tinatawag na lupang hinirang ang Pilipinas?
  - d. Bilang mga mamamayang Pilipino, anu-ano ang ating magagawa para sa ating bansa?
3. Ipakita sa klase ang mapa ng daigdig. Hanapin ang Pilipinas sa mapa. Sagutin ang mga sumusunod na tanong:
  - a. Saan matatagpuan ang Pilipinas?

**Sagot:** Sa Hilagang Hemispero/hatingglobo

Sa itaas ng Ekwador (*Equator*)

- b. Saang rehiyon nabibilang ang Pilipinas?

**Sagot:** Sa Timog Silangang Asya

- c. Saang latitud matatagpuan ang Pilipinas?

**Sagot:** Sa mababang latitud



4. Paghambingin ang mga salitang Ingles sa Hanay A at ang mga salitang Filipino sa Hanay B. Isulat ang titik ng wastong sagot sa guhit bago ang bilang.

<b>Hanay A</b>	<b>Hanay B</b>
_____ 1. <i>equator</i>	A. lokasyon
_____ 2. <i>location</i>	B. longitud
_____ 3. <i>relative location</i>	C. teritoryo
_____ 4. <i>exact location</i>	D. kapuluan
_____ 5. <i>latitude</i>	E. ekwador
_____ 6. <i>longitude</i>	F. istruktura
_____ 7. <i>territory</i>	G. kasunduan
_____ 8. <i>treaty</i>	H. latitud
_____ 9. <i>archipelago</i>	I. relatibong lokasyon
_____ 10. <i>structure</i>	J. rehiyon
	K. kontinente
	L. tiyak na lokasyon

5. Hatiin ang klase sa siyam na pangkat. Papiliin ang bawat pangkat ng lider at rekorder at ng paksang nais nilang talakayin. Ibigay ang mga gabay na tanong sa bawat pangkat.

#### **Pangkat A: Lokasyon ng Pilipinas**

1. Saang rehiyon matatagpuan ang Pilipinas?
2. Ano ang tiyak at relatibong lokasyon ng Pilipinas?

#### **Pangkat B: Sukat ng Pilipinas**

1. Ano ang sukat ng kapuluan ng Pilipinas?
2. Ihambing ang sukat ng Pilipinas sa sukat ng Indonesia at Japan?

#### **Pangkat C: Mga Likas na Hangganan ng Pilipinas**

1. Anu-ano ang mga natural na hangganan ng Pilipinas?
2. Ibigay ang mga hangganan sa apat na kardinal na direksyon.

**Pangkat D: Kasunduan ng United States at Spain**

1. Ano ang pangyayari sa Pilipinas noong 1898?
2. Ano ang pangyayari pagkatapos ng *Spanish-American War*?
3. Ano ang *Treaty of Paris*? Ano ang mahahalagang probisyon nito?
4. Ano ang *Treaty of Washington*? Ano ang mahalagang probisyon nito?

**Pangkat E: Kasunduan ng United States at Great Britain**

1. Anong kasunduan ang nilagdaan ng United States at Great Britain tungkol sa teritoryo ng Pilipinas noong 1930?
2. Anu-ano ang mga lugar na nadagdag sa teritoryo ng Pilipinas?

**Pangkat F: Ang Teritoryo ng Pilipinas ayon sa Saligang Batas ng 1935**

1. Ano ang nasasaad sa Artikulo I ng Saligang Batas ng 1935?
2. Ano ang saklaw ng teritoryo ng Pilipinas?

**Pangkat G: Ang Teritoryo ng Pilipinas ayon sa Saligang Batas ng 1973**

1. Ano ang nasasaad sa Artikulo I ng Saligang Batas ng 1973?
2. Ano ang nadagdag sa ating teritoryo?

**Pangkat H: Ang Teritoryo ng Pilipinas ayon sa Saligang Batas ng 1987**

1. Ano ang nasasaad sa Artikulo I ng Saligang Basta ng 1987?
2. Ano ang sakop ng ating teritoryo?

**Pangkat I: Pampanguluhang Batas Blg. 1596**

1. Ano ang Pampanguluhang Batas 1596? Ano ang nilalaman nito?
2. Paano nadagdagan ang teritoryo ng Pilipinas noong 1978?

**Ikalawa at Ikatlong Araw****B. Analysis** (Pagsusuri/Pag-aanalisa)

1. Basahin ang babasahin “*Ang Pambansang Teritoryo ng Pilipinas.*”
2. Pagawin ang bawat pangkat ng mga ulat tungkol sa kanilang paksa.  
Gawin ang mga sumusunod:
  - a. Pagbuo ng balangkas ng aralin batay sa mga gabay na tanong.
  - b. Pagpili ng pamaraang gagamitin sa presentasyon ng ulat gaya ng:
    - *Lecturette*
    - *brainstorming*
    - *panel discussion*
    - *roundtable discussion*
    - *role playing*
    - *simulation*
    - *case study*
    - *debate*
  - c. Paggamit ng *graphic organizers*
    - *concept map*
    - *cluster map*
    - *factstorming web*
    - *semantic web*
    - *venn diagram*
    - *tree diagram*
    - *timeline*
    - *data retrieval chart*
  - d. Pagsasagawa ng talakayan sa maliit na pangkat.
  - e. Pumili ng kasapi sa pangkat na magbibigay ng ulat sa klase. Narito ang *format* na magagamit ng bawat pangkat.


**Pangkat A: Lokasyon ng Pilipinas**

- Balangkas:**
1. Lokasyon
  2. Tiyak na lokasyon
  3. Relatibong lokasyon

**Presentasyon:** *Lecturette*

**Graphic Organizer:** *Tree Diagram*

**Tanong:** Ano ang tiyak at relatibong lokasyon ng Pilipinas?



(Tree Diagram)

Ipaliwanag sa klase ang *tree diagram*. Gumamit ng akmaang *graphic organizer* sa pagsagot sa ibang gabay na tanong.


### Pangkat B: Sukat ng Pilipinas

- Balangkas:** 1. Sukat ng Pilipinas  
2. Paghahambing sa Ibang Bansa


**Presentasyon:** *Panel Discussion*

**Graphic Organizer:** *Concept Map*

**Tanong:** Ano ang sukat ng Pilipinas?



**Tanong:** Paano maihahambing ang sukat ng Pilipinas sa ibang bansa?




*(Concept Map)*

### **Pangkat C: Mga Likas na Hangganan ng Pilipinas**

- Balangkas:**
1. Natural na Hangganan
  2. Hangganan sa Apat na Kardinal na Direksyon
  3. Relatibong lokasyon

**Graphic Organizer:** *Semantic Web*

**Tanong:** Anu-ano ang mga likas na hangganan ng Pilipinas?

*Bashi Channel*

Hanapin ang mga natural na hangganan sa mapa ng Pilipinas.


**Pangkat D: Kasunduan ng United States at Spain**

- Balangkas:**
1. Pangyayari sa Pilipinas noong 1898
  2. *Treaty of Paris*
  3. *Treaty of Washington*


**Presentasyon:** *Roundtable Discussion*

**Graphic Organizer:** *Concept Map*

**Tanong:** Ano ang probisyon ng *Treaty of Paris*? Ano ang nilalaman nito?



**Tanong:** Ano ang *Treaty of Washington*? Ano ang nilalaman nito?



**(Concept Map)**

Hanapin ang mga natural na hangganan sa mapa ng Pilipinas.

### **Pangkat E: Kasunduan ng United States at Great Britain**

**Balangkas:** 1. Kasunduan ng United States at Great Britain

2. Turtle Islands
3. Mangsee Islands